


ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG SMIRNA

 Amang Maluwalhati sa lahat, labis kaming nagagalak ngayong gabi na malaman na mayroon kaming walang kamatayang Buhay sa aming pagkatao. Ang Buhay ng aming Diyos ay nahati-hati sa mga dilang apoy at pumaibabaw sa bawat isa sa kanila, at napuspos silang lahat ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika yamang pinagkalooban sila ng Espiritu ng pananalita. Oh Ama, lubos Ka po naming pinasasalamat na Iyong ibinaha-bahagi ang Iyong Sarili sa gitna ng Iglesya. Hindi nakapagtata kang sinabi ng aming Panginoon, “Sa araw na iyon ay malalaman ninyong Ako ay nasa Ama, at ang Ama ay nasa Akin, Ako sa inyo, at kayo sa Akin.” Talagang nananahan ang Diyos ng Langit sa gitna ng Kanyang bayan! “Kaunting panahon pa at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y sasama sa inyo, sasainyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan.” Sa bawat kapanahunan ng iglesya ay dumiritong Ka, na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at makikilala Ka namin sa pamamagitan ng mga gawang ginagawa Mo. “Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya.”

² Panginoon, habang nakikita—nakikita namin ang rurok ng lahat ng mga kapanahunan, malapit na pong maubos ang oras at magsisimula na ang Walang Hanggan. Diyos Ama, labis kaming nagagalak na malaman na kami’y nabubuhay sa mga nalabing ’yun sa panahong ito; na pinagmamasdan ang aming mga buhay at nakikita ang klase ng mga layunin na mayroon kami, ang mga motibong mayroon kami, at nakikitang ang Espiritu Santo na ang humalili. Diyos, nawa ang bawat tao po na nasa Makalangit na Presensya ngayong gabi, ay mapagtanto nila ang mga kapanahunang ito ng iglesya na kinabubuhayan namin at agad na tumakas patungo sa Panginoong Jesus, dahil napakalinaw po na nasusulat, na, “Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na moog, tinatakbuhan Ito ng matuwid at doo’y naliligtas.”

³ Oh Diyos, pumaritong Ka po ngayong gabi at pahiran ang aming pagkatao, Panginoon. Iyo pong dalhin ang mga palaboy, Oh Panginoon, na labis na naguguluhan; lingapin Mo ang mga kaawa-awang tupa, Panginoon, hindi nila alam kung anong paniniwalaan; may mga tawag ng pastol buhat sa lahat ng dako. Dalangin namin, Ama, na maririnig nila ang dakilang Pastol na ’yun ng kawan, ang Panginoong Jesus, ang dakila Niyang

Espiritu na mangusap ngayong gabi, na sasabihin, “Anak Ko, lumapit ka sa Akin at ipagkakaloob Ko sa iyo ang Sabbath, ang Kapahingahang nagtatatak sa iyo sa iyong patutunguhan na Walang Hanggan.” Hindi tinatangay-tangay sa sanlibutan dahil nakikita na naming paubos na ang oras ngayon. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Magsalita Ka sa pamamagitan ng tagapagsalita, makinig sa pamamagitan ng mga tainga ng mga nakakarinig, dahil nakikinig kaming lahat. Sa Pangalan ni Jesus ay aming dinadalangin. Amen.

⁴ Makakaupo na kayo. Ngayon, sa gabing ito ay mag-aaral tayo ukol sa ikalawang kapanahunan ng iglesya. Nakikita kong marami sa mga tao ang nagtatala’t ganoong mga bagay, at ’yan ang dahilan kung bakit gusto kong gawing malinaw ito sa tuwina.

⁵ Ngayon, tinawag ang ikalawang kapanahunan ng iglesya na kapanahunan ng iglesya ng Smirna. At nangyari ito, ang Kapanahunan ng Smirna, ay pumasok kasabay ng pagtatapos ng Kapanahunan ng Efeso. Ang Kapanahunan ng Efeso ay mula A.D. 55 hanggang A.D. 170. Pumasok ang Kapanahunan ng Smirna ng 170 at nagpatuloy hanggang 312. Ang iglesyang ito ay isang iglesyang inuusig; yaong nakasuot ng putong ng martir, isang iglesya ng kapighatian. At ang pangako ng Diyos dito, sa Hinirang na Iglesya rito, ay ang bigyan ito ng putong ng Buhay.

⁶ Mayroong isang *bituwin* ang bawat iglesya na hawak ng kamay ng Diyos, na kumakatawan sa “mensahero” sa kapanahunang ’yun. Ang pinakamainam na naiisip ko ay ang mensahero sa kapanahunan ng iglesya ng Efeso (dahil sa hindi sinasabi ng Biblia kung sino sila) na haya’t si Pablo; dahil itinatag niya ang iglesya ng Efeso at siyang ministro ng kapanahunan ng iglesyang ’yun; na nagdala ng Liwanag sa Iglesya, na ipinagpatuloy naman ni San Juan mula roon. At pagkatapos si Polycarpo, at sa mga sumunod pa...kay Polycarpo, pala, sa mga sumunod pa.

⁷ Ngayon, sa Kapanahunan ng Smirna, naniniwala akong sa lahat ng...nahanap ko, ay si Ireneo. At ngayon gusto kong ibigay sa inyo ang dahilan kung bakit ko pinili si Ireneo sa halip na si Polycarpo. Ngayon, halos lahat ng mga ministro’y iniisip (at ng mga tagapagturo ng Biblia) na si Polycarpo ang anghel na ’yun. Si Polycarpo’y alagad ni San Juan, siyanga. At tinatakan ni Polycarpo...isa siyang—isa siyang martir, sinaksak nila siya sa puso at pinatay siya. Ngayon, pero isa siyang dakilang tao, isang natatanging tao, isang banal na tao, kalugod-lugod. Hindi maikakaila na isa siya sa mga pinaka marilag na Cristianong nagkaroon tayo kailanman. At wala kang masasabing kahit ano laban sa kanyang buhay.

⁸ Ang dahilan kung bakit ko pinili si Ireneo: ay dahil naniniwala akong mas malapit si Ireneo sa Kasulatan kaysa kay

Polycarpo. Mangyari nga na si Polycarpo’y medyo nakakiling sa ideyang Romano na pagtatayo ng isang organisasyon. At—at mahigpit na laban dito si Ireneo, ganap niya itong tinuligsa. At pagkatapos, gaya ng alam na nating lahat, ’yung malaking usapin na parating noon sa Konseho ng Nicaea; isa sa mga malaking usapin ay kung *tatlo* ba ang Diyos o *isa* ang Diyos. At pinili ni Ireneo ang pangig na ang Diyos ay Diyos, siyanga’t, Isa lamang.

⁹ Siguro’y babasa lang ako mula sa *The Ante-Nicene Fathers*, sa unang tomo, pahina 412, isang maiksing sipi lang po. kung gusto ninyong ilista ’yun, unang tomo ng *The Ante-Nicene Fathers*. At sa pahina labindalawa, at ito’y ang. . . Kung gusto n’yong malaman kung saan sa tomo, dito sa huling bahagi ng tomo bilang *tatlo*. Maaari ninyong basahin ang kabuoan nun; mayroong ilang kabanata ito, o ilang mga pangungusap. Ngayon sisimulan ko lang pong basahin itong huling—itong huling dalawampu, tatlumpung talata nito. Hindi ko na babasahing lahat, bahagi na lamang:

“Ang lahat ng iba pang mga ekspresyon ay haya’t ganoon nga. . . ay nagsasaad ng titulo ng isa’t siya ring pagka-Siya;” (Kita n’yo, sinisikap niyang isaysay kung anong tawag nila sa Kanya, ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo,’ at sabi niya, “Ang mga ’yan ay *titulo*, hindi mga pangalan, mga titulo ng Isang pagka-Siya.” Ganyan mismo ang itinuturo natin hanggang ngayon.) “gaya ng, halimbawa” (at pagkatapos may panaklong po) “(kung sa Ingles), *Ang Panginoon ng Kapangyarihan, Ang Panginoong Ama ng lahat, Diyos na Mapangyarihan sa lahat, Kataas-taasan, Maykapal, Ang Manlilikha*, at kagaya niyaon. Ang mga ito’y hindi mga pangalan at mga titulo ng magkakasunod na iba’t ibang mga katauhan, kundi ng isa’t siya rin,” (Amen!) “na sa pangalan na ito ang nag-iisang Diyos, Ama, na. . . Siya—Siya na ang lahat ng mga bagay na ito. . . ay nagkakaloob sa lahat ng. . . ng buhay, ng biyaya ng lahat ng buhay.”

¹⁰ Sinasabi ni Ireneo na “Ang lahat ng mga titulong ito ay tumutugaygay sa isang Pangalan, sa ilalim ng isang Diyos, at mga titulo lamang ang mga ito ng kung ano Siya.” Siya ang Rosa ng Saron. Iyon Siya. Isa ’yung titulo. Siya ang Tala sa Umaga. Siya ay Alpha. Siya ay Omega. Mga titulo ang mga ’yun ng kung ano Siya. Siya ay Ama. Siya ay Anak. Siya ay Espiritu Santo. Subalit may *isang* Diyos lamang. Isang Diyos, at ang Kanyang Pangalan ay Isa. At isang dahilan ’yun kung bakit naisip kong tama si Ireneo sa kanyang—sa kanyang pagsusuri rito, o pagkakaunawa sa Kasulatan.

¹¹ Isa pang bagay na gusto kong basahin sa inyo, matatagpuan po ito sa aklat na: *How Did It Happen?* At batay ito sa mga mananalaysay ng kasaysayan. At, *How Did It Happen?* ni R. C. Hazeltine, ang kasaysayan ng mga sinaunang iglesya. At dito sa pahina 180: “Ang Espirituwal na mga Kaloob sa panahon ni

Ireneo, A.D. 177 hanggang 202.” Ngayon ang dahilan kung bakit sinisipi ko ito, ito po kasi’y itiniteyp, kita n’yo, at—at ilalagay ito sa mga aklat:

“Sa panahon ni Ireneo na ang karamihan sa iglesyang Apostoliko ng Pransya ay nagtaglay ng lahat ng mga kaloob ng Espiritu Santo.” Iyon ay dahil sa pagtuturo niya, kita n’yo. “Ang mga kasapi ng iglesya ni Ireneo sa Lyon,” ’yun po’y Lyon, sa Pransya, “ay nagsalita ng iba’t ibang wika. Pangkaraniwan na noon ang makakita ng isang taong patay na binuhay. Ang pagpapagalang—ang pagpapagalang ay isang pangaraw-araw na kaganapan sa lahat ng ebanghelikong . . . iglesyang ebanghelikal sa lahat ng dako noon.” Marunong magturo ang Ireneo na ’yun! “Madalas ang mga himala. Sa katunayan, ang mga igleyang ’yun ay di kailanman nawalan ng mahimalang pagpapakita ng presensya ng Diyos alinman sa pamamagitan ng pangitain, pagpapatigil ng mga elemento ng kalikasan, sa isang himala, upang ipaalala sa mga Cristianong ebanghelikal noong araw na ’yun, na sila nga’y ang minamahal Niyang mga alagad. Subalit mula sa mga kasaysayan ng nakaraan, wala tayong makikita na kahit isang pagkakataon man lang na may pagbubuhay ng patay sa unang iglesyang Romano.”

¹² Haya’t mga tao ito na hindi . . .wala silang kinikilingang panig, sila’y nag-uulat lamang ng katotohanan. Sila’y mga mananalaysay ng kasaysayan.

¹³ Kaya iniisip ko na si Ireneo, dahil, kita n’yo, tinaglay niya ang parehong pananampalataya na ipinamana ni Pablo at ng mga alagad. Kaya naman ako’y . . . naniniwala na siya ang anghel ng iglesya ng Smirna, dahil siya ay . . .kamit niya ang parehong mga turo ukol sa Kasulatan; at itong parehong mga turo ukol sa Kasulatang batay sa Salita ng Diyos ay mamumunga ng parehong bagay sa tuwina. Kung susundin mo lamang ang pormula ng Diyos at isasagawa ito nang letra por letra, kahit ano pang sabihin ng mga iglesya, basta’t sundin mo lamang ito kung papaano ang pagkakasabi nito, mamumunga ito ng parehong bagay. At ganoon ang ginawa ni Ireneo.

¹⁴ Ngayon, sa tingin ko’y isang mabuting tao si Polycarpo, unawain n’yo; pero sinasabi kong masyado siyang nakakiling sa pag-oorganisa ng iglesya, at gaya mismo ng ginagawa ng mga Nicolaita. Inoorganisa nila ang iglesya, at—pinagsasama-sama ang mga kapatiran. Na mukha namang ayos lang sa pang-intelektuwal na kaisipan, pero, kita n’yo, hamak na napakalayo ng Espiritu kumpara sa intelektuwal na anupa’t . . .hindi ka na makapag-iisip sa ganang sarili mo ng papantay sa—sa Espiritu. “Ang Aking mga mataas na pag-iisip ay higit na mataas kaysa sa inyong mga pag-iisip,” sabi ng Diyos. “Ang Aking mga pamamaraan ay higit na mataas kaysa sa inyong mga pamamaraan.” Kaya may isang paraan lamang para magawa ’yun; sundan lamang Siya sa pamamagitan ng plano. Siyanga.

¹⁵ Ngayon, maaari nating isipin, halimbawa aalis ka mula rito... Halimbawa pupunta ako sa Chicago ngayong gabi, maaari akong lumabas dito at magdadala ng sarili kong kompas, at magsasabi, “Ngayon tingnan nga natin, ang Chicago’y nasa gawing ito. Sige’t, lalarga na ako.” Hindi ako makakalabas ng Jeffersonville. Kita n’yo? Kailangan kong ikuha ang sarili ko ng mapa. At mayroon—mayroon na mismong... daan na nakamarka para makakapunta ako ng Chicago sa loob ng anim o pitong oras ng pagbibiyaha sa pamamagitan ng sasakyan, pero hindi ako maaaring basta na lang gumawa ng sarili kong daanan; Ang eroplano ay hindi rin maaaring gumawa ng sariling ruta nito; mayroon siyang isang—isang rutang panghimpapawid o isang partikular na taas ng lipad at mga bagay-bagay na kailangan niyang liparin, na partikular na mga digri na kailangan niyang manatili roon.

¹⁶ Mayroon nang daan na ginawa, at may daan ang Diyos. Mayroon nang daan ang Diyos para sa Kanyang Iglesya, para sa Kanyang bayan. At hindi Niya kailanman nilayon na kuntrolin Ito ng mga papa, ng mga kardinal, ng mga arsobispo, o ng mga pangkalahatang tagapangasiwa. Ang Espiritu Santo ang Tagapagturo ng Iglesya ng buhay na Diyos, para maalagaan Ito. At ang lahat ng kabanalan ay hindi napupunta sa isang kardinal o sa isang pari, para gawin siyang isang taong banal sa—sa iglesya, ano’t anuman. Ang karaniwang tao ay may karapatan din... ay may ganoon ding karapatan sa Espiritu Santo na gaya ng sinumang mangangaral, pastor, diyakono, tagapangasiwa, ano pa man. Ang karaniwang tao!

¹⁷ At ang dahilan na tinatawag nila ito na mga Nicolaita... Gaya ng natalakay natin noong nakaraang gabi, Nicolaita, hinimay-himay natin ang salita na ito at kinuha ito mula sa Griyego. At ang N-i-c-k-o, ay nangangahulugan... *Nicko*, na ang ibig sabihin ay “sakupin o lupigin.” Ano? N-i-c-k-o, Nicolaita, *laita*. “Sakupin ang mga karaniwang tao,” at lupigin ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng alituntunin ng tao, ng mga pari na magtuturo sa kanila at magtatangkang... na gumagawa ng kanilang sariling konklusyon na sama-sama. Sa ganoon ginanap ang Konseho ng Nicea. Dahil maraming nagsama-sama’t bumalangkas ng isang alituntunin sa Konseho ng Nicea. Hindi natin... hindi muna natin ito tatalakayin nang husto, dahil sa gabi pa ito ng Huwebes, sa Konseho ng Nicea.

¹⁸ Pero doon po nabuo ang Iglesyang Romano Katoliko, mula sa isang grupo ng mga taong naakay ni San Pablo, at Ireneo, at San Martin, at mga sumunod pa. Sila ay mga naakay na Cristiano sa... mula sa paganismo’y pumunta sa Cristianismo, pero gusto nilang hatakin pabalik ang iglesya patungo sa isang anyo ng Lumang Tipan na pagmiministeryo, gaya ng pagkakaroon ng mga punong saserdote, at—apostolikong paghahalili, gaya ng isang papa na susundan ng isa uling papa, panibagong papa.

Kung tutugaygayin natin ang Bibliang ito, malalaman ninyong 'yun mismo ang katotohanan at kung ganoon na lamang na kinondena ng Diyos ang bagay na 'yun mula sa pinaka simula; at 'yung kapanahunan ng iglesya kagabi, ang sabi, "Kinapopootan Ko ito!" at ganoon din ng Iglesya.

¹⁹ Hindi kailanman nilayon ng Diyos na mga tao ang magpapatakbo sa Iglesya. Ang Diyos ang nagpapatakbo ng Kanyang Iglesya, at pinatatakbo Niya ito sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu. Ang mga kaloob ng Espiritu ay nasa Iglesya upang itama ang espiritu. Mayroon Siyang limang ministeryal na katungkulan sa Kanyang Iglesya. Ang una sa kanila'y mga apostol, o, mga misyunero. Ang misyunero ang pinakamataas na pagkatawag, ang apostol. Ang ibig sabihin ng salitang *misyunero* ay "isang isinugo"; ang ibig sabihin ng *apostol* ay "isang isinugo." Kung bakit pinili nilang matawag na isang misyunero, hindi ko po alam. Pero mga apostol sila. Buweno. Mga apostol, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, mga pastor. Ngayon, 'yun ang mga hinirang na katungkulan ng Diyos para sa Kanyang Iglesya.

²⁰ Pagkatapos sa bawat iglesyang lokal ay mayroong siyam na espirituwal na mga kaloob na dumarating sa gitna ng mga tao, 'yun ay, kaalaman, karunungan, mga kaloob ng pagpapagaling, paggawa ng mga himala, pagsasalita ng mga wika, pagpapaliwanag ng mga wika. Ang lahat ng mga bagay na ito ay umiiral sa bawat lokal na katawan. At ang bawat tao sa loob ng iglesya ay may indibiduwal na ministeryo, at ang indibiduwal na ministeryong 'yun ay kalakip ng iba pa sa ministeryo, upang pagtibayin ang Katawan ni Jesus Cristo. At hindi kailanman . . .

²¹ Ngayon, tandaan n'yo ito, na heto ang. . . Iguguhit ko lang ang mga linyang ito ngayong gabi. Ang unang iglesya, Efeso; Smirna, Pergamo, Tiatira, Sardis, Filadelfia, Laodicea. Ngayon, alalahanin n'yo habang nagpapatuloy ito, taglay ng iglesyang *ito* ang kapuspusan ng Espiritu, subalit sa dulo ng kapanahunan ng iglesya nalaman natin na Ito ay pinipiga palabas. Ang sumunod na kapanahunan ng iglesya'y mas pumiga pa; nang kaunti; hanggang sa ang isang *ito* ay mayroon na lamang maliit na batik. "Mayroon kang ilang mga bagay," sabi Niya. Oh, ano pa kaya pagsapit n'yo roon sa Kapanahunan ng Iglesya ng Tiatira!

²² Ngayon, pagkatapos na dumating 'yun, ibinangon ng Diyos ang isang Aleman na nagngangalang Martin Luther na muling nagpanumbalik sa Iglesya. Nagsimula ito nang medyo mas malapit, ipinangaral niya ang Pag-aaring ganap; dumating si Martin Luther, na ipinangaral ang Pag-aaring ganap. Pagkatapos ay dumating si John Wesley at ipinangaral ang Pagpapaging banal. Pagkatapos sa iglesyang *ito rito*, tuluy-tuloy silang nanumbalik muli sa Bautismo ng Espiritu Santo, na may siya ring mga tanda't mga kababalaghan, na bumababa. *Dito*

tumugaygay 'yun nang labinlimang daang taon ng Madidilim na Kapanahunan. At doon ang pinakamadilim. . . o ang pinaka mahabang panahon ng iglesya na nagkaroon tayo sa mga kapanahunan ng iglesya. Pagkatapos nito *rito* na nagsimula, ang Pag-aaring ganap, Pagpapaging banal, Bautismo ng Espiritu Santo. At sinabi ng Biblia na, “Sa katapusan ng kapanahunang *ito*, na ang munting minoryang *ito* *rito*'y pipigain dahil ang dating iglesya ng Pentecostes ay magsisimulang gawin na naman ang ganoon din na sinimulan nila *rito*, ng mga Nicolaita.” (Oh Diyos, iloob Mo pong maitikom ko ang bibig ko hanggang sa makarating ako roon.) Kita n'yo? Ito ngang bagay na nakikita ko roon. Kita n'yo, hanggang sa makita n'yo na rin dito. At ipapakita ko sa inyo na ang mensahero para sa kapanahunan ng iglesyang *ito*'y napopoot mismo sa mga denominasyon. Babangon ang Espiritu sa mga anak. Noon pa ma'y ganoon na. At ngayon mayroon na tayong isang. . .

²³ Ngayon, kung mapapansin n'yo *ito*, kung papaanong malaki pa *Ito* *rito*, sa pag-uumpisa nito, at *Ito*'y sa huli'y unti-unti nang kumupas. Pagkatapos ay nagsimula *Itong* muli. Hinila *Itong* muli ni Luther, sa Pag-aaring ganap; Pagpapaging banal; Bautismo ng Espiritu Santo; at pagkatapos sa huling panahon, kanya na naman *Itong* sinugpo, hanggang sa halos lubusan na *Itong* mawala, na mayroon na lamang kakaunting natira roon, at doon niya isinigaw 'yung “Kung hindi Niya paiikliin ang gawain para sa kapakanan ng Mga Hinirang, walang laman na maliligtas.” Kita n'yo? Hayan nga, diyan mismo sa dulo ng panahon. Ngayon tatandaan n'yo 'yan.

²⁴ Ngayon magsisimula na tayo *rito* sa Kapanahunan ng Iglesya ng Smirna. Una'y gusto kong himayin *ito* *rito* sa ilang papel na aking—na aking inihanda *rito*. Ngayon, ang ikalawang kapanahunan ng iglesya ay ang Smirna, at naniniwala akong sasang-ayon kayong lahat sa akin (o umaasa akong sasang-ayon kayo, o kalahati, siguro) na si Ireneo ang bituwin para sa kapanahunan ng iglesyang *ito*. Siya ang mensahero ng Diyos dahil sinuyod niya ang bansa, papunta sa Pransya (Gaul), sa dako roon, at nagtatag siya ng mga iglesya, at ang bawat isa sa kanila'y naitatag sa bautismo ng Espiritu Santo, nagsasalita ng iba't ibang wika, nagpapabangon ng mga patay, nagpapagaling sa mga may sakit, pinahihinto ang mga ulan, at nagpapamalal sa mga himala araw-araw. Alam nilang nabubuhay ang buhay na Diyos sa gitna ng mga tao. Iyon ang tao ng Diyos, yamang sinabi ni Jesus, “Walang makagagawa. . .” O, ang—sabi ng mga tao, “Walang makagagawa ng mga gawang *ito* maliban na kasama niya ang Diyos.” Si Nicodemo ang nagsabi nun kay Jesus.

²⁵ Ngayon, isang lungsod 'yun ng komersyo; isang daanan ng mga kalakal patungong Lydia at patungong kanluran. Ang ikatlong pinakamalaking lungsod sa Asya, isang napakalaking daungang lungsod. Kilala sa kayamanan, mga templo, mga

gusali, mga paaralan, medisina at agham. Nanirahan ang mga Judio sa—sa Smirna, at nangaral sila sa mga mamamayan ng Smirna. Si Polycarpo ang unang obispo ng Smirna. Itinatag ni Polycarpo at ng iba pang mga tapat na lingkod ang malalim na pananampalataya sa Diyos sa mga nananampalatayang taga-Smirna. Nangangaral ang mga sinaunang ama ng mga tagubilin ng Katotohanan para sa iglesya sa Smirna.

²⁶ Ang kapanahunan ng iglesya ng Smirna, ang pangalan ng iglesya ay Smirna, Ang *Smirna*, pala, ang ibig sabihin nito’y “kapaitan,” mira. Nauugnay ito sa kamatayan, dahil sila’y namamatay.

²⁷ Isang iglesya na inusig, tinawag sila ng Diyos na “mga inusig.” Tumingin ang Diyos sa mga pag-uusig sa kanila, at nagkaloob Siya ng biyaya upang matiis nila ito. Tumingin Siya sa mga kapighatian nito, at nagkaloob sa kanila ng tagumpay sa kamatayan. Tumingin sa kanilang kahirapan, at pinagkalooban sila ng kayamanang nakalagak sa Kanya. Dumaan ang Iglesya ng Smirna sa nagningas na hurno ng mga kapighatian, pero, ito’y isang mabangong samyo sa Kanya. Siyanga’t iyon ang mga Nalabi, hindi ang buong iglesya ng Smirna; ’yun lamang mga Nalabi ang tinutukoy ko. Ang ibig sabihin ng *kapighatiang sampung araw* ay “sampung taon ng pinakamadugong pag-uusig.”

²⁸ Hindi ko alam kung kaya kong baybayin ang pangalang ito, o bigkasin ito, o hindi. Ito ang emperador noong panahong ’yun, sa paniwala ko ’yung pinakamalupit sa lahat mula kay Nero noong 67, si D-i-o-c-l-e-t-i-a-n. Noong taong 303 hanggang 312 A.D.

²⁹ Nagtagubilin ang Diyos sa Smirna na sila’y maging matapat patungo sa kamatayan, kung papaanong Siya rin naman, “At Aking ibibigay sa inyo ang putong ng Buhay, gaya ng ibinigay sa Akin ng Ama.” Ipinangako ng Diyos sa mananagumpay (sa mga kapighatian) ang tagumpay laban sa ikalawang kamatayan, “Huwag ninyong katakutan ang mga pumapatay ng katawan, kundi Siya na makapupuksa sa kaluluwa, o, makapapatay sa kaluluwa.” Ito...Dapat na magtiis ang mga taga-Smirna hanggang sa katapusan, “Huwag ninyong katakutan ang mga tao, at ibibigay sa inyo ang isang putong ng Buhay.” Ang pag-uusig sa Cristianismo sa mga kapanahunan na itinipo sa mga kapanahunan ng iglesya, ng Smirna, ay napakahalaga. Sige’t tutungo tayo rito maya-maya nang kaunti, loobin ng Panginoon.

³⁰ Ngayon, kung mapalampas ng ilan sa inyo ang ilan sa mga ito habang...baka kasi masyadong mabilis ang pagsusulat ko rito para sa iba sa klase, kung ganoon sige’t ating...tayo’y... maaari n’yong kunin ang mga ito sa amin anumang oras n’yo gusto, ikatutuwa namin na—na ibigay ang mga ito sa inyo. (Pagpaumanhinan n’yo ako.)

³¹ Ngayon sa ika-2 kabanata at sa ika-8 talata, mag-uumpisa tayo ngayong gabi. Ngayon, sa anong bahagi natin Siya iniwan kagabi? Haya't Siya'y talagang... kinapootan ang Nicolaita na 'yun. Tama ba? Ngayon anong ginagawa ng Diyos? Ano ang pinaka unang bagay na dapat nating malaman? Ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo, kung Sino Siya at kung ano Siya. Ngayon ang susunod na dakilang bagay, nalaman natin na kinapopootan Niya ang anumang bagay na maglalagay ng ibang bagay para maghari sa Kanyang Iglesya maliban sa Kanyang Sarili mismo. Siya ay mapanibughuing Diyos.

³² Gusto kong huminto muna, dahil may apat na talata pa tayo rito, haya't may babangitin lang akong kaunting bagay. Ilan ang nakakaalala noong ang butihing propetang, Samuel, noong ninais ng buong Israel na umakto na katulad ng iba sa mundo? Naalala n'yo ba 'yun? At sinabi sa kanila ng propeta, sabi, "Nagkakamali kayo!" Pero gusto nilang umakto na katulad ng mga Filisteo at katulad ng—ng iba pa. Buweno, ganoon mismo ang nangyari rito sa pinakaunang kapanahunan ng iglesya. Kataka-taka nga na ayaw ng mga tao na pangunahan sila ng Diyos. Gusto nilang sumunod... ang gusto nila'y isang tao. Ang Israel, haya't nakagawa sila ng pinaka matinding pagkakamali na nagawa nito kailan man, noong... Pinagkalooban na sila ng isang propeta, isang tagapanguna, pinagkalooban na sila ng isang tupa bilang kabayaran sa kasalanan, at pinagkalooban na sila ng pagkaing mula sa kalangitan, at ng lahat ng mabubuting bagay na ipinagkaloob sa kanila sa pamamagitan ng biyaya, at sa kabila nun, sa Exodo 19, mas ginusto pa nila ang batas. Ginusto nilang gumawa ng mga doktor ng dibinidad, at magkaroon ng ilang kalalakihan, ginusto nilang sila rin ay maaaring mangialam Dito, siyanga.

³³ Palagi na lang nagpupumilit ang tao na daigin ang mismong Manlilikha na lumikha sa kanya, at wala naman siyang nagagawa maliban sa pinapatay ang kanyang sarili. Gaya noong nakaraang ilang Linggo na nangaral ako tungkol sa—sa *Relihiyong Hybrid*. At ganoon na ganoon nga. Kapag magha-hybrid ka ng anumang bagay, hindi na ito kailanman... tapos na ito! Katapusan na nito, hindi na ito makabalik pa. Hindi na maaaring magparami ang isang mola at manganak ng isang mola, dahil isa siyang—isa siyang mola, isa siyang hybrid. Ang purong mais, hindi ka na makakapamunga ng purong mais mula sa mainam man na hybrid na mais. Ni hindi na ito... Maaari ngang umusbong ito, pero ito'y—ito'y, oh, talagang wala na itong mabuting maibubunsod. Hindi n'yo magagawa 'yun. Ang anumang bagay na hybrid ay walang mabuting maidudulot.

³⁴ At ang isang relihiyong hybrid ay walang kuwenta! Hangga't nagpupumilit kayong magdagdag ng isang bagay sa sinabi ng Diyos, o gumawa ng isang bagay na ayaw ng Diyos na gawin n'yo, ito'y isang relihiyong hybrid. Maaaring maganda ito sa

paningin. Oh, tatalunin sa ganda ng hybrid na mais ang natural na mais. Kaya ngang higitan ng isang mola sa trabaho ang dalawang kabayo. Buweno, siyanga't. . . Hindi sa gawa, kapatid, kundi sa pamamagitan ng biyaya ay naligtas tayo. "Hindi sa pamamagitan ng mga gawa na tayo'y naligtas, kundi sa pamamagitan ng biyaya." Kaya maaaring. . . Sana'y hindi n'yo iisiping ang mga pahayag na ito. . . Kayo'y—kayo'y natetensyon, at nararamdaman ko—nararamdaman ko 'yan dito sa itaas. Kita n'yo? Dahil mayroong Presbyterian, Methodist, at lahat na ng uri rito. Alam naman natin 'yan. At kaya nararamdaman ko—nararamdaman ko ito. At kailangan n'yong ikampante ang inyong sarili nang kaunti paminsan-minsan, alisin n'yo ang pagkatensyon na 'yan, parang ganoon.

35 Ngayon, pakinggan n'yo. Ang anumang bagay na hybrid ay walang mabuting maidudulot. Ang kailangan n'yong kunin ay 'yung orihinal, sa paraang ginawa ito ng Diyos, pagkatapos ang kamit n'yo na bagay ay tunay.

36 Ngayon, nalaman natin pagkatapos na ang iglesyang ito ng Israel, habang naglalakbay sila, pinakain sila ng Diyos, at iningatan sila, at ginawa ang lahat para sa kanila. At pagkatapos ng lahat ay bumaling sila ng tingin sa mga Filisteo, at sa mga Amoreo, at sa. . . at sa iba pa, at nagsabi, "Gusto namin ng hari! Mayroon silang bagay na wala kami."

37 Ganyan na ganyan ang ginagawa ng mga tao ngayon. Isa sa mga ito, haya't ang mga kapatid nating babae, sila'y mapapatingin sa telebisyon at makikita si Gloria Swanson, o sinuman na kanilang. . . mga kababaihan na nakasuot ng kung anong uri ng bestida, at sadyang di sila makatiis hanggang sa magkakaroon din sila nun. Kita n'yo? Makakakita ka ng isang babae sa bayan, "Oh, hindi ba't kaaya-aya siya?" Ano naman ang pakialam n'yo sa kung anong suot niya? Ang mga tao, talagang ganoon sila, sinasabi ko nga na panahon ngayon ng—ng panggagaya, gusto nilang gayahin ang iba. Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang. . . Napakarami nang Elvis Presley ngayon, sinasabi ko—sinasabi ko nga sa inyo, hindi mo na nga sila kayang maisalansan isa-isa sa mga bagon, dahil sa lalaking 'yun na naging sikat na sa karnal na pang-. . . mga panggagaya!

38 Mayroon din tayong ganoon sa relihiyon. Ang. . . Binabasa ko noon ang kasaysayan ni Martin Luther, at alam ng sinuman sa inyo na mga mananalaysay ng kasaysayan. Sabi nila hindi kataka-takang bagay na nagawang magprotesta ni Luther laban sa Katoliko at nakaalpas dito, kundi ang pinaka nakapagtataka sa lahat, ay nakaya niyang iangat ang kanyang ulo sa ibabaw ng lahat ng panatisismong sumunod pagkatapos ng kanyang rebaybal at nakapanatili pa rin siya sa Salita. Yun ang himala, kung papaanong napapanatili siya ng Diyos na tiyak at tuwid.

³⁹ Ngayon, mangyari nga na dumulog ang mga tao kay Samuel. Sabi nila, “Gawan mo kami ng isang pro- . . . o gawan mo kami ng isang—isang hari.” At sinabi ng Panginoon sa kanya na Kanyang tinatanggihan ang ganoong ideya, kung papaano Niya mismo tinanggihan dito ang organisasyon.

⁴⁰ Katulad ng pagtangi Niya roon, tinatanggihan Niya ang mga organisasyon. Hindi Niya tinatanggihan ang organismo, kundi ang organisasyon. Ang organismo, kinakailangan nating magkaroon n’yan. Subalit ang organisasyon haya’t hindi natin kailangang magkaroon nun, dahil gumuguhit ito ng mga linyang pagbubukod: “Kami’y *Ganito-at-ganoon*.” Cristiano ka ba? “Methodist ako.” Cristiano ka ba? “Baptist ako.” Wala nga ’yang kaibahan sa isang baboy na nasa isang kulungan. Walang kinalaman ’yan Dito, wala talaga. Sa pagka-Cristiano!

⁴¹ Nagtanong ako sa isang babae isang gabi, sa entablado, “Cristiano ka ba?”

Sabi niya, “Aba, ipapaunawa ko sa’yo, nagsisindi ako ng kandila gabi-gabi.” Na para namang may kinalaman ’yun sa Cristianismo!

⁴² Sabi ng isa pang lalaki, “Buweno, isa akong Amerikano. Tunay!” Buweno, walang anumang kinalaman ’yun Dito, maski katiting. Cristiano ka dahil kabilang ka sa ibang Kaharian. Ganoon nga. At ika’y—ika’y kabilang sa ibang Kaharian, sa itaas.

⁴³ Ngayon, anong ginawa ni Samuel? Pareho rin ng ginawa rito ng Diyos. Tinipon ni Samuel ang Israel, sabi niya, “Ngayon pakinggan n’yo ako. May gusto akong itanong sa inyo. Nagkaroon na ba ng kahit isang beses na may nasabi ako sa inyo na hindi totoo?” Sabi, “Ako—Ako’y propeta ng Diyos sa kalagitnaan n’yo. Sabihin n’yo sa akin kung may isang beses man na nagsaysay ako sa inyo kailanman ng anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon na hindi nangyari.” Ganoon ang sinabi ni Samuel sa kanila. Sabi niya, “At hindi ba kayo pinakain ng Diyos at iningatan at ginawa ang lahat ng mga bagay na ito para sa inyo?” Sabi, “Nagkakasala kayo dahil sa pagpupumilit na umakto na katulad ng ibang mga bansa.”

“Oh . . .” sabi nila.

⁴⁴ Sabi niya, “May iba pa akong gustong itanong sa inyo. Kahit kailan ba’y kinuhanan ko kayo ng anumang salapi? Humingi ba ako sa inyo ng kaloob kahit kailan? O may nasabi na ba akong anuman kahit kailan sa Pangalan ng Panginoon na hindi nangyari?”

Sabi nila, “Hindi. Hindi ka kailanman kumuha ng salapi, totoo ’yan. At hindi mo kailanman kami sinabihan ng anuman sa Pangalan ng Panginoon na hindi nangyari.”

Sabi niya, “Kung ganoon pakinggan n’yo ako! Nagkakasala kayo dahil sa pagpupumilit na kumilos na katulad ng iba sa kanila.” Pero hangad talaga ng mga taong magkaroon ng hari! Hindi alintana kung tama ba ’yun o mali, gusto nilang—gusto nilang isakatuparan ang ideya nila.

⁴⁵ Ganoon na ganoon din ang ginawa ng iglesya rito sa Efeso, tinanggap nila ang doktrina ng Nicolaita. At noong gawin nila, itinulak sila nito na ipagsanib ang paganismo’t Cristianismo at nagdulot ’yun ng labinlimang daang taon ng Madidilim na Kapanahunan. At noong hatakin sila palabas ni Luther, anupa’t (sa ikalawang pagkakataon) kung hindi ba nama’t ginawa ng mga Lutheran ang parehong bagay na ginawa nila roon sa Efeso! Ganoon mismo.

⁴⁶ Ngayon, kung mapapansin n’yo, na ang pagkakahilera ng mga kandeleroy hindi *paganyan*. Nagsimula sila sa gawing *ito* at umakyat. Buweno, ang pinakamataas na malayo sa kinatatayuan Niya ay ’yung isang *ito rito*. At unti-unting nasusugpo ang Cristianismo habang palayo ito mula sa kinatatayuan Niya sa hugis ng krus, gaya ng makikita natin Siya sa ika-4 na kabanata; sa hugis ng krus na gaya *nito*. At *ito* ang kanang kamay Niya, at *iyon* naman ang kaliwang kamay Niya. Ngayon, *dito* mismo, nakalagay ang kamay Niya sa iglesyang *ito* at sa iglesyang *iyon*. Siya ay parehong Alpha at Omega at, gayundin, ang lahat ay nasa pagitan ng dalawang ’yun, ang lahat ng iba pang mga letra. Pero partikular ang pagkakasabi Niya, “Alpha at Omega.” Mayroon Siyang bahaghari sa ibabaw ng Kanyang ulo, na Kanyang tipan.

⁴⁷ Ngayon, kung napapansin n’yo, ang Liwanag ng Pentecostes, kung saan sila nagsimula, ay unti-unting nasusugpo. Ang mga lalaking *ito*, sina Ireneo, Polycarpo, lahat ng iba pa’y tinatakan nila ang kanilang patotoo sa pamamagitan ng kanilang dugo, hanggang sa tuluyan na nitong pigain ang Cristianismo patungo sa pinaka madidilim na araw.

⁴⁸ Ngayon tingnan n’yo, ang unang kapanahunang’y ang kabilang panig ng malaking umbok na ’yun, dumating ang kaunting Liwanag, mas Lumiwanag, tapos mas lalo pang Lumiwanag. Tingnan n’yo kung papaanong nagsimula Itong magliwanag muli, habang papalapit sa araw na ’yun. At ngayon sa dulo ng kapanahunang *ito*, inihula na rito na hahantong ito sa isang *Laodicea*, isang “sala-sa-init sala-sa-lamig.” Ngayon, heto na. Bakit nga, kung ang bagay na *ito* rito ang nagdala sa kanila sa *ganito*, bakit natin gugustuhin ’yun dito sa Pentecostes?

⁴⁹ At alam n’yo na sinabi ng Biblia, “Magkakaroon ng isang hayop.” At alam nating ’yun ang pagka-papa ng Roma. Ganoon nga mismo. At pagkatapos ay bubuo sila ng isang larawan nung hayop na ’yun. Ano ba ang larawan? Bagay na ginawang katulad nito. At ’yun ang kompederasyon ng mga iglesya, at nasa loob

nito ang Pentecostal. Sasapit ang panahon kung saan alinman sa mapapabilang kayo sa isang organisasyon o hindi n'yo na maaaring panatilihin bukas ang inyong pintuan. Ngayon tingnan n'yo kung hindi 'yun totoo! Yun ang dahilan kung bakit pinagdidiinan natin ito hanggang kamatayan. Siyanga, po. Hindi na kayo... Mas bababa pa riyan, pagtatangkaan nilang puwersahin kayo nang napakatindi, hanggang sa pipilitin nila na... hindi kayo papayagang bumili o magbenta maliban na taglay n'yo ang tatak ng organisasyon na 'yun sa inyo. Pupuwersahin itong ipasok mismo.

⁵⁰ Kagaya nga mismo noong araw na 'yun, noong sinunog nila sila, sila'y... Ako po'y tumayo sa arena na 'yun dun; umiyak na parang bata noong tumanaw ako roon sa dako kung saan pumupuwesto ang mga gladyador sa lumang arenang 'yun doon. At—at makinita ang ganoong mga bagay, at maalaman na marami sa mga kapatiran kong Cristiano ang kinain noon dun ng mga leon at—at ginutaytay sila sa lugar na 'yun, at ang mga kababaihan at munting mga bata't mga bagay. At iniisip ko, kung namatay silang lahat sa pananampalataya, bibiguin ko ba sila ngayon? Hindi, po, kapatid! Diyos, tulutan Mo po akong manindigan para sa Pananampalataya na minsana't kailanmang ibinigay sa mga banal! Ang siya ring Bagay na 'yun, kahit gaano mang kinayayamutan...

⁵¹ Palaging may gustong magsabi, “Buweno, . . .” May nagsabi po kamakailan lamang... Oh! Marami-rami na ring mga kilalang ministro sa larangan ang tumawag sa akin at nagsabi, “Kapatid na Branham, kung hindi mo ititigil 'yan, bawat organisasyon ay magiging laban sa'yo.”

⁵² “Aba,” sabi ko, “May Isa na hindi, 'yung Isa na naroon sa Langit. Iyon ang Isang hinahangad ko.” Kita n'yo? Ngayon, mahal ko ang mga tao sa bawat organisasyon. Oo naman. Subalit may bagay ba na nasaysay ko sa inyo kailanman na ang Panginoon... sa Pangalan ng Panginoon, na hindi natupad? Kita n'yo? Na lahat ng nasabi ko'y nangyari nga nang tama? Humingi ba ako kailanman sa inyo ng salapi? Kung ganoon layuan n'yo ang mga organisasyon! Manatili kayong malaya kay Cristo, hayaan n'yo ang Espiritu Santo ang siyang kumilos sa tuwina sa loob at labas ng iglesya.

⁵³ Ang mahalaga lamang, ay alisin n'yo ang maliliit na mga pagkakaibang ito sa inyo. Mga maliliit na ismo, at mumunti't kakatwang pakiramdam na nakabalot sa inyo tungkol sa mga kapatid, at mga ganoong bagay, iwaksi n'yo ito! Huwag na huwag n'yong hahayaang makapasok sa kaluluwa n'yo ang anumang ugat ng kapaitan. Kung hahayaan n'yo, sisirain kayo nito. Tama. Panatilihin n'yo ang pag-ibig! Wala akong pakialam gaano man kayong kasuklaman ng mga tao, mahalina n'yo pa rin sila. Kung hindi n'yo 'yun magagawa, kailangan n'yo... ang... hindi kayo... hindi pa kayo naseselyuhan, may maluwag

pa kayong parte. Kaya halina kayo, bumalik, at maselyuhan na nang mainam sa Dugo ni Cristo. Lilinisin kayo Nito sa lahat ng mga ugat ng kapaitan. Siyanga.

⁵⁴ Ngayon, kita n'yo, pero haya't sinisikap natin muli. Bumaba ang Pentecostal na Pagpapala noong mga 1906, sa isang lugar doon. May isang ministrong nakaupo rito na kasama natin ngayong gabi, isang misyunerong mula Tibet, isa sa pinaka-... hindi ko sinasabi ito dahil nandito siya; sana po'y hindi pa siya umuuwi. Sa palagay ko'y narito pa siya, magsasalita siya sa atin nang kaunti bago ako bumaba. At naaalala pa ng lalaking 'yun ang unang Pentecostes. Wala pang anumang organisasyon noon, pare-pareho ang lahat. Oh, sadyang napakadaling magkamali ng hakbang dun, at napakaganda nito sa tingin ng intelektuwal.

⁵⁵ Tingnan n'yo, walang kaalam-alam ang Israel noong nakatayo sila roon sa pampang, sumisigaw . . . Ngayon, sasabihin n'yo, "Ang ganitong klase ng relihiyon ay isang bagay na bago." Aba, ito ang pinaka matanda. Siyanga. Bago pa man nalikha ang mundo, sumisigaw na sila't nagpupuri sa Diyos. Sinabi 'yun mismo ng Diyos, tinanong si Job, "Nasaan siya noong ang—noong ang mga tala sa umaga'y sama-samang umaawit, at ang mga anak ng Diyos ay nagsisigawan sa galak." Yun nga'y bago pa nalikha ang mundo.

⁵⁶ Pero ngayon tingnan n'yo ang Israel, na nakakita ng mga himala. Iyon ang sinaunang Pentecostes; ang Israel, ang Pentecostes noong panahong 'yun. Ngayon sila'y inilabas na mula sa Egipto, pinagpala sila ng Diyos, pinagkalooban sila ng lahat na ng uri ng mga dakilang tanda't mga kababalaghan, at iniligtas sila. At noong tumayo sila sa pampang na 'yun at nagkaroon ng Pentecostal na pagtitipon . . . Haya't nagkaroon nga sila! Ngayon pakinggan n'yo. Umawit si Moises sa Espiritu, at kumuha si Miriam ng tamburin at tumakbo pababa ng pampang, na kinakalampag ang tamburin na ito, sumasayaw sa Espiritu; at sinundan siya ng mga anak na babae ng Israel, sumayaw sila sa Espiritu. Kung hindi 'yun isang Pentecostal na pagtitipon, haya't hindi pa ako nakakita ng isa. Wala silang kamalay-malay na ang—ang lupang pangako pala'y apatnapung taon pa sa unahan nila. Nasa mga apatnapung milya lamang ito. Subalit aabutin sila nang apatnapung taon para makumpleto ang apatnapung milya dahil maling bagay ang pinili nila. Pinili nilang magkaroon ng batas sa halip na hayaan ang Espiritu Santo na pangunahan sila, pinatnubayan na nga sila ng Haliging Apoy at pinangunahan sila. Ginusto pa rin nilang magkaroon bagay na gagawin nila nang ganang kanila; ginusto nilang magkaroon ng mga saserdote, at ilang mga dignitaryo, at munting teolohiyang mapagtatalunan nila, sa halip na sadyang magpatuloy na lamang at hayaan ang Espiritu Santo na pangunahan sila. Nasa Espiritu na sila; ipinagkaloob

na ng Diyos ang lahat, pero pinili pa rin nilang gumawa nang ganang kanila ukol Dito.

⁵⁷ Katulad nga ng pagha-hybrid uli. Hayaan n'yo lang ang baka. Hayaan n'yo lang ang kabayo. Hayaan n'yo lang ang pagkain. Sila. . . Sinasabi ng siyensiya, sa *Reader's Digest*, sa artikulo nito, na kung ipagpapatuloy nila ang pagha-hybrid nila ng pagkain, at patuloy na kakainin ito ng mga tao. . . Katulad na lang sa mga manok, naha-hybrid nga ang kaawa-awang manok na 'yun hanggang sa wala na itong mga pakpak o mga paa. At kung mangingitlog ito, mamamatay ito sa pangangitlog, mabubuhay lamang sila ng isang taon. At napakalambot na ng laman nito na halos hindi mo na ito makain. At anupa't ganito ang kinakain ng mga tao, sinisira nito ang mga tao. Ganoon nga.

⁵⁸ Alam n'yo, dumarami na ang homoseksuwal na humigit-kumulang apatnapung prosiyento na sa Estados Unidos, sa nakalipas na taon. At alam n'yo bang sinasabi ng siyensiya na ang mga kababaiha'y lumalapad ang kanilang mga balikat at kumikitid ang kanilang balakang, at ang mga kalalakihan nama'y kumikitid ang mga balikat at lumalapad ang balakang? Kumakain kasi kayo ng binaluktot na binhi, kumakain kayo ng binaluktot na bagay. Ang katawan ninyo'y ginawa para mabuhay sa natural na bagay. At anong ibinubunsod nito? Binabago nito maging ang natural na kalagayan ng kalalakihan at kababaihan, hanggang sa ang Hollywood, maging ang ating gobyerno, at lahat na'y puno ng mga baluktot. Anong ginagawa niya? Ibinubunsod nila ito sa sarili nila sa pamamagitan ng sarili nilang punongkahoy ng kaalaman, pinapatay ang sarili nila.

⁵⁹ Bumalik kayo sa simula! Hayaan n'yo lang ang kalikasan. Hayaan n'yo mismo ang Diyos. Panatilihin ang Iglesya sa Espiritu Santo; at layuan n'yo ang lahat na mga obispo't mga papa na tangan ang kung anu-anong uri ng doktrina. Bumalik kayo sa kung saan tayo nagsimula. Bumalik kayo. Darating si Jesus sa gabing ito, tapos sasabihin n'yo, "Isa akong Methodist."

Sasabihin Niya, "Hindi ganyan sa pasimula!"

"Presbyterian ako."

"Hindi ganyan sa pasimula!" Ano ang naroon sa pasimula? Isang Pentecostal na Karanasan ng bautismo ng Espiritu Santo. Sa ganoon Ito nagpasimula.

⁶⁰ Pero, kita n'yo, nagawa natin itong baluktutin. Oh, haya't mas gumaganda. Tunay. Ang munting iglesyang 'yun na naroon sa isang dako dun na nagsasayawan, at naghihiyawan; at doon sa kalye, ay binabato sila ng mga tao, tinutuya sila, at lahat na gaya nun. Hindi 'yun kagandahan. "Pero ngayon mayroon na kaming napakahusay na Doxolohiya, at ang Credo de los Apostoles, at, oh, si Doktor Ph.D., L.L. na dobleng L.D., *Ganito-at-ganoon* ang pastor namin." At lalabas at magsasabi, "Ah-man," na parang

isang guyang baka na pinupulikat, at patuloy na ganoon, lahat na mismo ng ganoong bagay.

⁶¹ Pagpasensyahan n'yo po ako, aking—hindi ko sinasadyang sabihin iyon. Patawarin n'yo ako, hindi ko sinasadyang sabihin nang ganoon. Kita n'yo? Hindi ko hangad na sabihin. Hindi 'yun angkop para sa isang lingkod ng Diyos.

⁶² Pero, tingnan n'yo, lahat sila, ako. . . kapapasok lang nito sa isip ko, kita n'yo. Pero hayan nga't tumatayo at binibigkas ang lahat ng mga iba't ibang bagay na ito nang paganoon, nageensayo pa bago ang. . . alam n'yo, sasabihin, "Ngayon, hindi, hindi tama ang pagkakasabi mo riyan. 'Ah-man.'" Ang nais ko'y isang mainam na, makalumang Pentecostal na pagtitipon kung saan bumababa mismo ang kapangyarihan ng Diyos, at sadyang napapahiyaw ka at napapasigaw at pinupuri ang Diyos, nagtatamasa ng maluwalhating panahon. Ganyan nga; na hawak ng Espiritu ang mga tao. Pero tayo. . . Ni hindi na kayo makarinig ng isang "Amen!" halos, ito na'y "Ah-man." Mangyari nga, na doon tayo napapadpad, kita n'yo. Ganito na katigas ang mga organisasyong ito, ang kapalaluhan. . .

⁶³ Ngayon ang mga apo-. . . Mayroon bang propesiya tungkol diyan? Naaalala n'yo ba ang propesiya ni Pablo kagabi? "Alam ko na pag-alis ko, papasok sa kalagitnaan n'yo ang mga ganid na lobo, at ang mga lalaking kasamahan n'yo, ang inyong. . . sa sarili n'yo mismong simbahan (silang mga Iglesia Romano Katoliko, na paparating na noon) sila'y lilitaw sa kalagitnaan n'yo at aakitin ang mga alagad na sumunod sa kanila." At ang mga lobo na 'yun na binabanggit ni Pablo, nalaman natin, sila'y naging mga Nicolaita.

⁶⁴ Pakinggan n'yo ang Espiritu na nagsasalitang muli sa pamamagitan ng propeta, "Sa huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib, sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, ('Ako si Doktor *Ganito-at-ganoon*, huwag na huwag mong pagsabihan ako tungkol Dito, siyanga. Ipapaunawa ko sa iyo na isa akong Presbyterian. Hallelujah! O kaya naman, 'Isa akong Pentecostal.')" Ano ngang kaibhan ang maidudulot n'yan, kung hindi ka naman likas na Pentecostal? Sa karanasan ukol dito, kita n'yo. Siyanga, po. "Kaanib ako sa mga Assemblies." "Kaanib ako sa Church of God." Buweno 'yun. . . ano namang kaibhan ang maidudulot nun sa Diyos? Ang kailangan ay maibilang mo ang iyong sarili sa Kaharian doon sa itaas, kita n'yo. Siyanga.

⁶⁵ Ngayon, kung—kung makikita n'yo, ang. . . lahat ng mga bagay na ito'y isang kalipunan lamang ng—ng katuwaan. Ngayon, ang sabi Nito, "Sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos." Oh, hindi sila makasimba ng Linggo ng gabi basta't may kung anong magandang programa sa telebisyon. Oh, grabe!

Palagi silang . . . Maging ang mga simbahan ay may mga koponan na ng beysbol, at mga soup supper, at sama-samang panonood ng kriket, at, “mga maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos, mga walang paglubag, mga palabintangin, walang pagpipigil sa sarili, at mga hindi maibigin sa mabuti.” *Kanilang* inaalipusta ang mga *ito*, kita n’yo. *Kanilang* inaalipusta ang mga *ito*, sinasakal sila. Mga hindi maibigin sa mabuti.

66 Oh, sasabihin n’yo, “Mga Komunista ang mga ’yan, kapatid.” Oh, hindi. Hindi, hindi.

67 “Matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos, mga walang paglubag, mga palabintangin, walang pagpipigil sa sarili, mga hindi maibigin sa mabuti, may *anyo* . . .” Makadenominasyong karanasan, kita nyo. “Na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito.”

68 Magiging ano kayo sa panahong ito? Kita n’yo, “May anyo ng kabanalan.” Magsisimba na sadyang relihiyosong-relihiyoso, ng Linggo, tapos magsusuot ng shorts ng Linggo ng hapon, magtatabas ng damo sa bakuran at maglalabas ng mga bote ng Oertel 92. At ’yung mga pastor ay lumalabas at maninigarilyo at babalik, alam n’yo. “May anyo ng kabanalan!”

69 “Buweno, pastor, mayroon silang simbahan doon, ibinalita nila sa akin na mayroong ginang dun na gumaling noong isang araw mula sa kanyang kan- . . .”

“Hmm. Hmm. Kalokohan! Lipas na ang panahon ng mga himala.”

70 “Buweno, alam mo kung ano? Ako’y—ako’y—ako’y pumaroon sa isang maliit na simbahan noong isang gabi, sa maliit na misyong ’yun doon sa kanto, at may isang tumatayo roon, nagsasalita ng kung ano, nag- . . .”

“Oh, iha, huwag na huwag kang dadalo sa mga ganyan. Mga asong ulol ang mga ’yan. Grabe! Huwag kang basta-basta makikihalubilo sa ganyan. Mga holy-roller ’yan. Huwag na huwag kang . . .”

71 “May anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang kapangyarihan nito, lumayo rin naman kayo sa mga ito. Sapagkat mula sa mga ito ang mga nagbabahay-bahay at inaakay ang mga babaing hangal na hinihila ng iba’t ibang mga pita, na hindi kailanman natututo o nakakarating man sa pagkaalam ng Katotohanan.” Ganoon na nga mismo. Hayan, mga kapisanan ng mga tulong-pangkababaihan, *ganitong* kapisanan, *ganoon*. Napakarami nang kapisanan nitong kalunus-lunos na simbahan na anupa’t hindi na nito magawang ipangaral ang Ebanghelyo. Dalawampung minuto lang at hindi na lalampas ang ibibigay na oras sa pastor, at kailangan na ang ipapangusap niya ay ganito’t ganoong bagay. Kita n’yo? Kung

hindi, makikipagkita sa kanya ang lupon ng mga diyakono. Siyanga, po.

⁷² Oh, kapatid, anong dapat gawin ng isang mabuting pastor ngayon? Gawin lamang ang lahat ng makakaya niya para manindigan at putulin ang mga sanga kung saan nararapat, at hayaang mahulog ang mga tapyas kung saan nararapat; at ihagis ito roon. Ganoon mismo. Siyanga, po. Tama. Huwag—huwag n'yong ialintana ang sinuman, ipangaral n'yo lamang ang Salita at manatili mismo Rito, haya't patuloy lamang kayo sa pagpukpok. Kung itatapon ka nila sa bilangguan, ipangaral mo Ito sa bilangguan. Kung inilagay ka sa ibang lugar, mangaral ka mismo saan ka man madako; magpatuloy ka lamang, sa pangangaral. Tama. Ngayon, 'yun ang nangyari. Kita n'yo, sinusugpo nila ito.

⁷³ Ngayon papunta na tayo sa—sa Kapanahunan ng Smirna. Sa ika-8 talata:

. . . sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay;

⁷⁴ Gusto kong pansinin n'yo sa tuwing ipinapakilala Niya ang Kanyang Sarili sa isang kapanahunan ng iglesia, naglalahad Siya ng isang bagay tungkol sa Kanyang pagka-Diyos. Iyon ang unang bagay na sinisikap Niyang ipakilala sa iglesia, na, 'yun ang Kanyang pagka-Diyos. Siya'y Diyos! Nakikita n'yo ba ang malaking usapin dito na pinagtatalunan nina Ireneo at ng iba pa? Pinagpipilitan nilang sabihin na ang Diyos raw ay nasa tatlong kosmiko, at isa itong Diyos sa tatlong persona, at Diyos sa *ganito*. Sabi niya, “Walang ganyang bagay! Ito'y mga titulo lamang ng Isang pagka-Siya, at 'yun ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Tama. Kaya hindi kayo. . . noon pa ma'y nagkaroon na sila nun. At ipinakilala ng Diyos dito sa pasimula ang Kanyang Sarili sa isa sa Kanyang—sa Kanyang pagka-Diyos. Kita n'yo ipinakilala Niya ang Kanyang Sarili, haya't una rito, “Ako Siya na noon, ang ngayon, at ang darating. At Ako ang Makapangyarihan sa lahat.” Dito'y nagsimula Siya kaagad sa Kapanahunan ng Smirna ngayon.

⁷⁵ Ngayon pakinggan n'yo Siya, “Ako. . .”

. . . sa anghel ng iglesia ng Smirna (At pinaniniwalaan nating si Ireneo ito.) ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, . . .

Kita n'yo? Ipinakilala ang Kanyang Sarili, “Ako ang Diyos, ngayon, ng kapanahunan ng iglesia ng ito. Hindi Ko nais ng apat o limang magkakaibang diyos dito. Ako—Ako ang Diyos. Kita n'yo, 'yun na 'yun.”

. . . na namatay, at muling nabuhay; (Amen!)

⁷⁶ Ngayon, 'yun ang—'yun ang panimula. Ngayon—ngayon ang ibig sabihin ng *Smirna* ay “kapaitan,” at nagmula ito sa salitang *mira—mira*. At ang—ang unang iglesya—ang unang iglesya, at . . . nawaglit nila ang kanilang unang pag-ibig, ang iglesya ng Efeso. At nagsimulang pumasok sa iglesyang ito ang “isang ugat ng kapaitan” dahil ang iglesyang ito, ang pangunahing iglesya, ang malaking bahagi nito (ang karamihan sa kanila, sa tuwina) ay kumakalaban sa pamumuno ng Espiritu Santo sa iglesya, at gusto nilang mamuno, sa ganang sarili nila. Gusto nilang magtayo ng isang pagkasaserdote, gusto nilang kumilos kagaya ng ikinilos ng mga tao sa Lumang tipan. Gusto nila ng mga pari. At sila . . . Kung 'yung mga paganong diyus-diyosan, noon, kung saan sila naakay, na mayroon silang mga pari't iba pa . . . ni Jupiter, at mga pari ni Venus, at iba pa; gusto nilang—nilang—nilang dalhin sa kanila ang ganoon din para gawing ganoon ang mga kalalakihang *ito*. Kita n'yo, ang buong bagay ay pagano sa simula pa lamang. Lahat ng mga pagano'y mayroon nung mga pari't mga bagay na gaya nun. Subalit—subalit sa Iglesya ng buhay na Diyos, banyaga ito sa kanila. Si Cristo ang ating Saserdote, ang ating Dakilang Saserdote. Mayroon tayong Dakilang Saserdote, isang hapag din naman na ating kinakainan.

⁷⁷ Ngayon, unti-unti nang nag-uusbong sa iglesyang ito ang “isang ugat ng kapaitan.” Bakit? Mapait ito sa mga ibig na magpatuloy sa Espiritu Santo. Nawaglit na ang pag-ibig, at pinagpipilitan nilang ipagpalit ito sa mga kredo't mga denominasyon, lumalayo sa pamumuno ng Espiritu Santo. Isipin n'yo 'yun! Yun ang dahilan kung bakit ang—ang—ang kapaitan ay nasa kanila. Buweno.

⁷⁸ Ngayon, ang unang iglesya, itong . . . nagsimula nang gumapang ang kapaitan. Sa ikalawang iglesya, paunti-unti na. At, sa wakas, unti-unti itong nakapasok mismo dahil sila raw ay “gumagawa ng mas mainam na iglesya”; 'yun ang akala nila. Dahil dito'y mayroon na silang isang bagay na kapita-pitagan, na ang mga bantog na mga Romano'y maaari nang makapasok. Bakit? Mayroon na silang papa, mayroon silang—mayroon silang mga lalaking natatanyag, mga kardinal, at iba pa. Magagara silang manamit. Umalis na sila sa lahat nung mga pag-iingay at lahat ng bagay na mayroon sila noon; napaka tahimik na. Nagpapakita lang na namamatay na pala sila. Uh-huh. Uh-huh. Namamatay na sila. At mangyari nga na naging kapita-pitagan sila't gumawa sila ng mas mainam na katawan. Unang-una na rito, mayroon na sila nitong malaking eklesyastikal na denominasyon, ang Pangkalahatang Romano ng simbahan, ang Iglesyang Romano Katoliko noong Madidilim na Kapanahunan. Buweno, tapos, mayroon na silang mga dignitaryo, at nasa mataas na sila na antas.

⁷⁹ Oh, mas maganda raw ito kaysa noong tumatayo-tayo lang sila dati sa lansangan, “at kinakailangang maglakad suot ang

balat ng tupa na gaya sa mga balat ng kambing, at mga dukha, at nilalagari, at—at pinagtatawanan, at tinutuya,” at gaya ng sinabi ni Pablo sa ika-11 kabanata ng Mga Hebreo.

⁸⁰ Aba, itong magagara’t, naglalakihang, mga iglesya na magagandang manamit, na may kamison pang suot, at—at lahat nitong iba pang bagay na isinusuot nila nang ganoon. Oo nga naman, mukha itong kapita-pitagan, “Padre, Reverend, Doktor, Padre *Ganito-at-ganoon*.” Oh, grabe! Talagang kaya nilang “magpasikat,” doon.

⁸¹ Pero, kita n’yo, isa itong bagay na hybrid. Hybrid! Kita n’yo, walang anumang Buhay rito. At hindi na sila makababalik pa, ’yun ang dahilan kung bakit hindi na sila kailanman makakabangon. Hindi na kailanman muling bumangon ang rebaybal ng Lutheran. Hindi na kailanman muling bumangon ang rebaybal ni Wesley. Hindi na muling bumangon ang rebaybal ng Nazarene. Hindi na rin babangon pang muli ang rebaybal ng Pentecostal. Bakit? Dahil pinatay n’yo ito. Pinaging hybrid n’yo ito sa paghahalo sa sanlibutan, sa kaisipang Nicolaita, na anupa’t hindi n’yo hinayaan ang Espiritu Santo na kumilos sa sarili Nitong paraan. Ganoon nga. Pinaging hybrid n’yo ang iglesya, at hindi na tuloy ito makapagpaparami sa sarili nito muli. Na kapag manganak kayo, pinapadami n’yo lang ang mga Methodist; kapag manganganak ang Baptist, pinapadami lang nito ang mga Baptist; kapag manganganak ang Katoliko, pinapadami lang ang Katoliko; ganyan nga ang nakakamit kapag tinalupan. Pero hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay; kapag bumalik ang Espiritu Santo, magdadala Ito ng *bagong* kapanganakan at *bagong* Buhay; pagbabagong-loob. Bautismo ng Espiritu; na ipinapanumbalik ang Iglesya sa sarili nitong muli, ibinabalik ang Buhay rito.

⁸² Ang hybrid na mais ay walang buhay. Kung mayroon man itong buhay, haya’t natuyo na. Ngayon, nakuha natin ’yun dun sa Madilim na Kapanahunan, “Kung ano mang kaunti ang mayroon kayo, panghawakan n’yo ito,” ang sabi Niya. Piniga na nila ito palabas. Ngayon, mangyari nga na hindi na mapapadami ang sarili nito uli. Ngayon, ang. . .

⁸³ Pero ang Katawan ni Jesus Cristo ay hindi—hindi isang organisasyon. Ang Katawan ni Jesus Cristo ay isang mistikal na Katawan, ito’y isang Katawan ng. . . sa Kaharian na isang Kahariang espirituwal na itinatag sa lupa ni Jesus Cristo bilang Hari ng Kahariang ito, and Dakilang Saserdote na maghahandog ng mga alay para sa naglalakbay sa Kahariang ito. Isa Siyang Propeta (ang Salita) na nangangaral ng Katotohanan at nagdadala ng Liwanag ng Diyos sa Kahariang ito; at Siya ay ang Propeta, Saserdote, at Hari, sa Kahariang ito. At papaano tayo makapasok sa Kahariang ito? sa pamamagitan ba ng denominasyon? sa pamamagitan ba ng sulat? sa pamamagitan ba ng pakikipagkamay? Kundi “sa pamamagitan ng isang Espiritu

ay binautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan” ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo, at nabautismuhan tayo roon, hindi sa pamamagitan ng tubig, hindi sa pamamagitan ng pagwiwisik, hindi sa pamamagitan ng pagbubuhos, hindi sa pamamagitan ng anumang uri ng bautismo sa tubig, kundi, “sa pamamagitan ng isang Espiritu, Espiritu Santo, ay nabautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan,” Unang Mga Taga-Corinto 12. Oo, nabautismuhan tayo tungo sa Katawang ito ng isang Espiritu, Espiritu Santo, kung ganoon ay hindi na tayo kabilang sa anumang bagay kundi kay Cristo na. Kayo’y kay Cristo na. Isa itong mistikal na Kaharian ng Diyos na itinatag, na haya’t pumapasok tayo Rito sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Gustung-gusto ko Ito! Hmm!

May mga tao sa halos buong dako,
 Na nag-aapoy ang kanilang puso,
 Dahil sa pagbaba nitong Apoy noong
 Pentecostes,
 Na naglinis sa kanila’t pinaging malinis;
 Oh, sa puso ko’y lumalagablab Ito,
 Oh, luwalhatiin ang Ngalan Niya!
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Ako’y isa sa kanila, ako’y isa sa kanila,
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila;
 (Hallelujah!)
 Isa sa kanila, ako’y isa sa kanila,
 Sadyang nagagalak akong sabihing isa ako sa
 kanila.

Gayong hindi nakapag-aral ang mga taong ito,
 (D.D.D., Ph.D. Kita n’yo.) . . . hindi nakapag-
 aral,
 O may maipagmamalaki mang kabantugan ng
 mundo,
 Natanggap nilang lahat ang kanilang
 Pentecostes,
 Nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus;
 At ipinapamalita nila ngayon, sa malayo’t
 kalaparang dako,
 Na ang Kanyang kapangyarihan ay nananatili
 pa ring ganoon,
 Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.

Hindi ba kayo nagagalak? Siyanga, po. Sadyang isa sa kanila. Ganoon mismo.

⁸⁴ Naalala ko habang naglalakad ako noon sa Memphis, naroon’yung munting, matandang itim na ginang na nakadungaw ang kanyang ulo. Sabi niya, “Magandang umaga, parson.”

Sabi ko, “Paano n’yo po nalaman na isa akong parson?”

Sabi niya, “Sinabi sa akin ng Panginoon, ‘Dadaan ang Kanyang parson sa kalsada, na nakasuot ng isang sumbrerong kulay abelyana, bitbit ang isang maleta.’” Sabi, “Alam kong ikaw siya noong matanaw kitang paparating.” Kita n’yo? Oh, isa siya sa kanila. Siyanga! Oh, kay buti ng Diyos!

⁸⁵ Ngayon naniniwala akong may... [Binabasa ni Kapatid na Branham ang isang sulat na ibinigay sa kanya—Pat.] “Ang munting batang babae na—na iyong ipinanalangin, noong Linggo ng gabi, na taga-Bedford, ay pinaniniwalaan na kamamatay lang daw. Hindi... Humihingi kami ng panalangin.” Ang munting batang babae na ating... ipinanalangin nila siya rito ng Linggo ng gabi, taga-Bedford, “ay—ay kamamatay lang,” sabi nila. Sige’t manalangin po tayo:

⁸⁶ Panginoong Jesus, dalangin ko po na sa kung papaano man, sa anumang paraan, Panginoon, itulot Mong makarating ang aming pananalangin para sa batang ito. Ipinagkakatiwala namin ang munting batang ito sa Iyo, Diyos naming Ama. At inaalala namin ang mga taong narito at nananalangin at humihiling ng panalangin para sa munting bata. Oh Diyos Ama, hinihiling ko na—na ang balitang ito’y hindi maging gayon, Ama; hindi po namin alam, pero dalangin kong mahabag Ka po’t magbigay ng kalakasan at itulot na magbangon ang munting bata’t mabuhay para sa ikaluluwalhati ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay amin po itong hinihiling. Amen. Idagdag nawa ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga pagpapala.

⁸⁷ Ngayon, ang isang iglesya. Ngayon ang pangalan ng iglesya ay nauugnay sa kalikasan ng katangian nito. Napansin n’yo ba na ang ibig sabihin ng *Smirna* ay “mapait”? At mapapansin n’yo na ang bawat isa sa mga iglesya noong panahon na ’yun, ang pangalan ng iglesya ay may kinalaman sa katangian ng iglesya na ’yun. May sasabihin sana ako patungkol dito; pero mas mabuti na rin sigurong huwag na lang, dahil baka magkamali lang kayo ng pagkaunawa sa akin. Kita n’yo?

⁸⁸ Ang pangalan n’yo, ay ganoon din. Hindi n’yo man alam ito, subalit gayon nga ito. Oh, siyanga. Sinasabi n’yo ngayon, “Aba’t numerolohiya yata ’yan.” Hindi, hindi po. Noong ipinanganak si Jacob ay tinawag nila siyang *Jacob* na ang ibig sabihin ay “mangaagaw;” pero noong makipagbuno siya sa Anghel, pinalitan ng Diyos ang kanyang pangalan sa *Israel*, “isang prinsipe.” Tama ba? Si Saulo ay “Saulo na taga-Tarso,” isang marahas na lalaki; pero, noong dumulog siya kay Jesus, tinawag na siyang “Pablo.” Ang pangalan ni Simon noon ay “Simon”; pero noong lumapit siya kay Jesus, tinawag na siyang *Pedro*, “isang maliit na bato.” Oh, siyanga, po. Ang... Ang pangalan n’yo ay may kaugnayan sa kung ano ang inyong... May impresyon ito sa inyong katangian.

⁸⁹ At tinawag ang iglesyang ito na *Smirna* dahil ito’y namamatay na. Ang ibig sabihin ng *Smirna* ay “kapaitan.”

Sa madaling salita, umuusbong na ang ugat ng kapaitan at sinasakal ito, kaya papunta na ito sa mira. Yun 'yung ginagamit nilang pampahid sa mga katawan, mira, kita n'yo. Ito ay mira, kamangyan, bilang pamahid. Ang mira ay ginagamit para—para ipahid sa mga patay na katawan pagkatapos nila itong maembalsamo, at kung ano pa. Kaya nauugnay sa kamatayan, at namamatay na noon ang iglesya.

⁹⁰ At, oh, hindi n'yo ba nakikita, ngayon, mga kaibigan, ang dakilang pagkilos ng Pentecostal na mayroon talagang taglay na Buhay noon ilang mga taon na ang nakalipas, hindi n'yo ba nakikitang pinapahiran na ito ngayon ng mira? Kita n'yo? Ang siya ring pamahid na nasa iglesyang ito *rito* ay dumire-diretso pababa at pinapahiran ang isang ito *rito*; namamatay dahil bumabalik sila sa eklesyastikal na mga basahan, at hinuhubad ang kanilang puting kasuotan, bilang mga banal sana. Ang kakaunting mga tao na nanindigan roon, at taglay ang isang tunay na Espiritu Santo, na nagsalita ng iba't ibang mga wika, at inihayag ang Diyos. At, kapatid, sila'y napakatapat at mga, “de kalidad na lana't isang yardang marangal.” Sila—sila ay ganap na tunay, mapagkakatiwalaan mo sila sa kahit saan. Ngayon hindi mo na alam kung ano ang pagkakatiwalaan at kung sinong pagkakatiwalaan. Kita n'yo? May kung anong nangyari. Talagang may nangyari. Ano? Sila'y pinapahiran ng mira, ng kapaitan. Pumapait. Isa . . .

⁹¹ Anong may sanhi nun? Pumasok ang isa, mayroong isang— isang iglesyang, ang tawag noong una, ay General Council. Tapos tinawag nila itong Assemblies of God. Mula sa Assemblies of God ay lumabas ang Church of God. Mula sa Church of God, mangyari nga na nagsimula silang tumingin sa kabila, sinasabi, “Assemblies kayo.” Sasabihin naman nung kabila, “Church of God kayo.” Pagkatapos mula doon ay lumabas ang United Pentecostal Church of God, tungkol naman sa isang usapin. At tapos, bigla mo na lang malalaman, sa halip na tanggapin ang Liwanag at lumakad Dito, aba't, inorganisa nila ang kanilang mga sarili hanggang sa hindi na nila matanggap ang Liwanag.

⁹² Ngayon, noong ang—ang bautismo sa Pangalan ni “Jesus Cristo” ay inilahad sa halip na “Ama, Anak at Espiritu Santo” sa mga taga-Assemblies of God, iniangkla na nila ang kanilang sarili dun kaya't hindi na nila ito mapalitan. At samantalang alam nilang Ito ang Katotohanan! Hinahamon ko ang kahit sino sa kanila na ipakita na hindi Ito tama sa pamamagitan ng Biblia. Ito'y ganap na Katotohanan. Pero anong magagawa nila? Hindi nila magagawa. Kita n'yo, babaliin na nila kasi ang kanilang kredo, kaya hindi nila kaya.

⁹³ Pagkatapos ano naman ang ginawa ng Oneness? Imbes na tanggapin Ito at magpatuloy, naging pormal sila: “Purihin ang Diyos magpakailanman! Nasa amin ang Liwanag at wala sa inyo. Kami ang . . .” Ano 'yang ginawa nila? Inorganisa nila ito.

Hindi mo maaaring organisahin ang Diyos. Ni wala ngang anyo ang Diyos, ang sabi ng Biblia. Anupa't, walang kahit anong pormal tungkol sa Diyos.

⁹⁴ Ngayon, pagkatapos ay sinubukan Siyang organisahin ng Assemblies at ibunsod ang kanilang . . . ang kanilang . . . ang sa kanila raw ay—ay—ay ang tunay raw na Iglesia. At pagkatapos dumating naman ang Oneness, sinikap din nilang organisahin ang sarili nila, at sila raw ay “may higit na Liwanag.” Kaya ano itong nagawa nila? Pinatay nila ang liwanag nito sa pamamagitan ng sarili nilang makasarili't, mapait na paraan ng pagsasagawa nila rito. Sa halip na ipamahagi ito na may kasamang asin at tamis, tinangka nilang putulin ang pakikisama sa kabila, ayaw na nilang magkaroon ng anumang kinalaman sa isang 'yun. At 'yun ang nagbunsod nun. Lumaganap ito, pagkatapos. Malalaman mo na lang, may uusbong na isa uli, na nakuha raw nila *ito*, at ngayon humiwalay na naman sila. Sabi nung isa, “Darating Siya sakay sa isang puting kabayo.” Sasabihin naman nung isa, “Darating Siya sa isang puting ulap. Purihin ang Diyos, magpapasimula ako ng organisasyon batay rito.” Nakita n'yo na ang paraan na ginagawa nila? Nagkakatat ito ng mira—mira. Anong ibinubunsod nito? Pinapatay nito ang pagkakapatiran.

⁹⁵ Maraming babae, lalaki, ngayong gabi, sa Assemblies of God, ang gustong dumalo't magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, yamang nalalaman nila na Ito ang Katotohanan ng Diyos. Pero ititiwalag sila kapag ginawa nila 'yun.

⁹⁶ At maraming Oneness ang . . . Ngayon, hindi po ako Oneness. Hindi ako naniniwala sa “oneness” na paraan ng paniniwala nila. Hindi ako naniniwala sa *Jesus* na katulad sa sinasabi-sabi nilang, “*Jesus*”; maraming mga *Jesus*. Ito nga'y ang *Panginoong Jesus Cristo*. Ganoon nga. Ngayon, at hindi ako . . . naniniwala ako na iba 'yun sa paniniwala nila. Nagbautismo sila sa Pangalan ni Jesus, sa Pangalan ni Jesus tungo sa pagbabagong-buhay, na “Sa pagpapabautismo (ang pagbabagong-buhay) ay siyang nagpapasok raw kay Cristo sa iyo kapag nagpabautismo ka sa tubig.” Hindi ako naniniwala roon. Naniniwala akong ang pagbabagong-buhay ay dumarating sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo sa Espiritu Santo. Siyanga. Ang bautismo ay panlabas lamang na pagganap sa panloob na pagbabagong-buhay na tapos nang naganap. Kita n'yo? Kaya naman, hindi ako sumasang-ayon dun. Ayos lang 'yun, dahil silang lahat ay itinuturing kong kapatiran ko.

⁹⁷ Noong una akong nagpapasimula bilang isang mangangaral na Baptist, pumupunta sila na sinasabi, “Kapatid na Branham, dito ka sa amin, amin—amin—amin nang natamo Ito at dala-dala namin Ito rito.”

98 Sabi ko, “Wala akong pinapanigan sa inyo, heto ako na tumatayo sa pagitan mismo ng dalawang grupo at sinasabi, ‘Magkakapatid tayo!’” Hindi ko alintana kung ano man, hindi ko alintana kung hindi sa akin sumasang-ayon ang isang tao, wala’y yung dipirensya sa akin, kapatid ko pa rin siya.

99 Mayroon akong kapatid na mahilig sa apple pie; ang pinaka paborito ko naman ay cherry, pero hindi ko puputulin ang pakikisama ko sa kanya. Maaari niyang kainin ang kanyang apple pie at kakainin ko naman ang aking cherry pie. At naglalagay ako ng *meringge* sa ibabaw nung akin, kung ayaw niya ito, aba’y, bahala siya. Alam n’yo ’yung. . . Ano na nga uli ’yun? Yung binating bagay na inilalagay sa ibabaw nun, alam n’yo, “binating krema.” Gustung-gusto ko ’yun. Haya’t masyado na akong matanda para kumain pa nun, pero ito po talaga’y. . . Haya’t ako—ako—ako. . . Yun talaga ang gusto ko. Kung ayaw niya ’yun, hindi niya kailangang kainin ’yun. Ayo lang, kakainin ko ’yung sa akin. Pero kapatid ko pa rin siya! Siyanga.

100 At mangyari po na gusto ko—gusto ko ’yun, gusto ko ng pakikipagbuklod. Pero kapag gumuguhit tayo ng mga linyang pagitan na gaya nito, at sinasabi, “Naku hindi, ito ang *aming* denominasyon,” at hindi na mag-aabot ng kamay para makikipagkamay sa katabi, at sasabihin, “Purihin ang Diyos, kapatid!” Naku! Diyan mo na kailangan ng pakikipagkapatiran. Kung hindi, nagkakaroon ka na nitong ugat ng kapaitan na gaya mismo ng nagkaroon sila na mga taga-Smirna noon, at magsasanhi ka ng ganoon din. Buweno, kaya ang pangalan nila’y “mapait.”

101 Patuloy silang sinusugpo ng mga Nicolaita hanggang sa Madidilim na Kapanahunan. Sinimulan ng panahon ni Luther ang unang hakbang ng biyaya, na nagpasimulang sumikat ang isang munting Liwanag. Tapos lumabas pagkatapos nun, dumating si John Wesley na dala ang pagpapaging banal, lumiwanag pa nang kaunti. At pagkatapos dumating ang bautismo ng Espiritu Santo na dala ng mga Pentecostal, na ipinanunumbalik uli ang pananampalataya ng mga magulang. Pero hindi nila ito mapanatili sa ganoong paraan, na anupa’t inorganisa nila ito, at pagkatapos nagsimula na naman silang bumalik sa Nicolaita. Sadyang eksakto sa sinabi ng Biblia na gagawin nila.

102 Ngayon, kinakailangan kong magbantay dito o kung hindi’y mauubos ko. . . masyadong maraming oras na ang nagugol ko. Sige’t dumako na tayo sa ika-2 talata, o ang. . . sa ika-8 po, ika-9 na talata. Buweno, ngayon ang pag-uusig, sa ika-9 na talata:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, ang iyong mga kapighatian, . . . kadukhaan, (datapuwat ikaw ay mayaman) . . . (Oh, grabe!) . . . Aking . . . (Ngayon nakikipag-usap Siya sa Iglesya, sa tunay na Iglesya,

hindi sa iba; kinapootan nila ang mga gawang 'yun ng mga Nicolaita.) . . . *Nalalaman ko ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas.*

¹⁰³ Ngayon, nagrereklamo sila. Sila'y lipos ng kadukhaan. Ang . . . Kinuha nila ang lahat ng mayroon sila. Itinayo nila ang kanilang munting iglesya gaya nito, at dahil sa napakaliit nilang grupo, itinulak nila sila palabas, itinulak ng malaking iglesya, sadyang sinugpo sila. At sabi Nito, "Nalalaman ko. Nalalaman kong kinakailangan n'yong magtipon doon sa kanto, na nagtitipon kayo sa eskinita, o saanman na maaari kayong magtipon." (At nakapunta na ako sa mga kuwebang-libingan kung saan sila nagtitipon noon; bababa pa sila sa ilalim ng lupa't magtitipon, at ganoong mga bagay noon.) "Nalalaman Ko ang inyong mga kapighatian, at nalalaman Ko ang inyong mga suliranin, at kung ano pang gaya nun, subalit naging mayaman ka sa pamamagitan ng mga kapighatiang 'yan." Oh, grabe! Sabihin n'yo sa akin ang anumang panahon na dumating ang isang pag-uusig sa Iglesya't, pinalalakas nga Ito ng pag-uusig. Sa tuwina'y pinalalakas nito ang Iglesya, sa mga kapighatian. "Nalalaman Ko ang iyong mga kapighatian, subalit ikaw ay mayaman." Bakit? "Nanghawakan ka sa Akin; mayaman ka. Mangyari ngang hindi nakakapanakit sa iyo ang iyong mga kapighatian."

¹⁰⁴ Ngayon, ang . . . Napansin n'yo ba? Nagkaroon na ngayon ng sinagoga ang mga Nicolaita. Ganoon ang pagkakasabi rito sa Biblia. Napansin n'yo ba 'yun dito sa ika-9 na talata?

Kung saan . . . na . . . hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas.

¹⁰⁵ Uh-huh, itinulak nang palabas ang tunay na Iglesya. Nangibabaw na ang mga Nicolaita, at ang . . . itinulak nilang palabas ang mga taong nagtataglay ng Espiritu Santo, kaya ipinapahiwatig lang na wala na silang—wala na silang pakinabang para sa kanila. Kung ang Smirna, sa Asia, ay nalaman lamang na ang mga bagay . . . na naghihintay sa kanila ang putong ng martir, malamang pinanginig na sila nun. Kita n'yo? Ngayon, sa madaling salita, nang . . . noong maisulat ang propesiyang ito at ipinadala, at natanggap ito ng iglesya, at nakita nilang sila ang magsusuot ng putong ng martir, aba't, kanila sanang . . . aba't, malamang ay nanginig sila nang husto sa takot. Hinihintay 'yun ng mga tao noon na dumating anumang oras. Hindi dumating sa kanilang kapanahunan. Pagkatapos ay marahil may ilan na nagsabi sa kanila, "Buweno, alam n'yo—alam n'yo, sinasabi ko na nga ba sa inyo, nagkamali ang propetang 'yun. Nagkamali si Juan, siya—siya . . . dahil hindi 'yun nangyari sa atin dito sa Smirna." Siyanga't, mangyayari pala ito makalipas ang daan-daang taon. Kita n'yo? Anupa't

kapag nagsasalita ang Diyos ng anuman, tiyak na mangyayari ito.

106 Doon natin inilalagak nang malalim ang ating pananampalataya, doon mismo sa Salita ng Diyos. Tinutupad ng Diyos ang bawat pangako. Kahit pa . . . Marahil iniisip n'yo na dapat na itong mangyari agad-agad dito, pero marahil hindi pa 'yun ang panahon ng Diyos para mangyari 'yun. "Ngunit ang Aking Salita ay hindi babalik sa Akin na walang bunga, kundi gaganapin Nito ang layunin Nito." Kinikilala ng Diyos sa tuwina ang Kanyang Salita, at sa takda Nitong panahon ay mag-aani Ito.

107 Mangyari nga na ito naman 'yung mga taong 'yun, 'yung unang iglesya, pero sa loob ng iglesyang 'yun ay naroon ang katangian na lalabas sa iglesyang Smirna paglipas ng ilan pang panahon. Ngayon, sa panahong 'yun ay magsusuot sila ng putong ng martir, marami sa kanila ang papatayin.

108 Ngayon kunin natin ang—ang ika-10 talata, habang binabasa natin ito:

Huwag mong katakutan ang mga bagay na ito (ang sinogoga ni Satanas) na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo . . . sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at na kayo ay magkakaroon ng kapighatiang sangpung araw: magtapat ka patungo sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay.

109 Oh, grabe! Sinabihan silang huwag matakot kapag tinawag na sila na mamatay para sa kanilang—kanilang relihiyon. Ngayon, Kapatid na babaing Wood, nasaan ka man, sana'y makatulong ito sa iyo. Nabanggit sa akin ni Kapatid na babaing Wood, noong isang araw, hindi niya raw halos maunawaan kung bakit may ilan na iniligtas at ang iba'y hindi. Kung minsan kinakailangan n'yong malaman . . . Sinabi ng Diyos sa mga taong ito, "Ngayon, huwag ninyong katakutan ang tungkol dito, dahil isasadlak kayo ni Satanas doon, dahil ang grupong ito ng Nicolaita ay darating at itutulak kayo roon, dahil ipahihintulot Ko na kayo'y mamamatay para sa layunin Ko. Subalit bibigyan Ko kayo ng isang putong ng Buhay sa araw na 'yun." Kaya huwag . . .

110 Ngayon masdan, sabi Niya . . . Ngayon, kung papansinin n'yo habang binabasa natin itong ika-10 talata. Hayaan n'yong basahin ko itong muli:

Huwag mong katakutan ang mga bagay na ito na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw: subalit magtapat ka patungo sa . . . (Napansin n'yo bang hindi 'yun hanggang? Hindi hanggang sa kamatayan, kundi "patungo sa" kamatayan.

Nauunawaan n'yo?) . . . *magtapat ka patungo sa kamatayan* . . . (Kita n'yo? At sila nga.)

111 Ngayon sabi Niya, Si Satanás . . . Napansin n'yo ba kung sino ang Kanyang—kung sino 'yung Kanyang tinukoy bilang may gawa nito? Ngayon, itong *sinagoga ni Satanás* ay ang “mga Nicolaita.” Alam natin 'yan. Di po ba? Kung ganoon ay isang organisasyon ito, isang kaparian na unti-unting lumilitaw na magpapahirap sa mga taong ito, na magpapahirap sa mga taong ito, at magiging tapat sila sa Ebanghelyo *patungo sa kamatayan*. Napansin n'yo ba sa isang seremonya ng kasal? hindi *hanggang* kamatayan tayo maghihiwalay, kundi “*sa kamatayan tayo maghihiwalay*.” Kita n'yo? Ngayon, ang *patungo sa at hanggang sa* ay magkaiba. Ngayon, sila'y magiging tapat kay Cristo patungo sa kamatayan. “Hahantong kayo mismo sa kamatayan dahil dito. Huwag kayong matakot, dahil bibigyan ko kayo ng isang putong.”

112 Ngayon ang “sampung araw” na ito na sinasabi nila rito, ang sampung araw. Ang isang araw sa Biblia ay kumakatawan sa isang taon. At ang *sampung araw* ay ang huling “sampung taon” ng paghahari ng D-i-o-c-l-e-a-t-i-o-n na ito, Diocletian. Diocletian. Si Diocletian, siya 'yung makapangyarihang emperador na naghari sa huling . . . Buweno, may ilang mga emperador na naghari noong panahon ng Kapanahunan ng Iglesya ng Efeso. At si Nero, naniniwala ako, na isa siya. At itong si Diocletian na ito rito'y ang huling naghari, sa dulo ng sampung taon na 'yun, at siya ang pinakamadugong taga-usig sa kanilang lahat. Sadyang kumatig siya sa grupong ito at kanilang—kanilang pinatay ang mga Cristiano, at pinaslang sila, sinunog nila sila, kanilang—kanilang ginawa ang lahat, at sampung taon 'yun ng pinaka madugong pag-uusig. At ang panahon niya at ang paghahari niya ay mula 302 hanggang 312. Winakasan nun ang Kapanahunan ng Smirna, sa pagpasok ni Constantino. At pumasok siya sa eksena ng 312, si Constantino. Iyon ang sampung araw ng kapighatian. At nag-umpisa ito kay Nero at natapos kay Diocletian. At nag-umpisa ito kay Nero, noong mga A.D. 64 nang maluklok si Nero sa trono.

113 Ngayon, ang ika-11 na talata ay isang pangako. Ngayon kukunin natin ito bago tayo magtapos:

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.

114 Ngayon, kailangan ko lamang pong sabihin ang isang bagay rito, nang sa gayon . . . Kung iniisip ko kasi ito, sa aking puso, at hindi ko naman ito sasabihin, kung ganoon isa akong mapagkunwari. Kita n'yo? Gusto kong pansinin n'yo ang isang bagay rito sa Kasulatang ito, at sa tingin ko ay isa ito sa

mga pinakamalaking palaisipan sa akin sa loob ng mahabang panahon hanggang sa nalaman ko. Ngayon basahin nating mabuti, ngayon. Kita n'yo?

Ang may pakinig, (Sa madaling salita, “ang may tainga upang makinig,” kita n'yo, bukas ito sa Espiritu.) ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; . . .

Ngayon kita n'yo, ang bagay rin na ito, ang pag-uusig na ito at ang lahat na dumarating. Ang bawat bahagi nito'y lumalawig sa bawat iglesya. Sa *mga iglesya*.

. . . sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya; Ang magtagumpay . . . (Sa anong iglesya? Sa Efeso ba? Oo. Buweno. Sa Smirna ba? Oo, sa lahat.) . . . Ang magtagumpay sa lahat ng mga iglesya ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.

115 Sila man na nasa iglesya ng Laodicea na magtagumpay sa ano? Magtagumpay sa mga Nicolaita, magtagumpay sa mga bagay ng sanlibutan, magtagumpay sa mga denominasyong ito, magtagumpay sa mga kaparian na ito, magtagumpay sa lahat ng bagay ng sanlibutan at sa inilalako nito, at heto't umiibig kay Cristo. Hindi kayo masasaktan ng ikalawang kamatayan. Bakit? Taglay niya ang Buhay na Walang Hanggan. Hindi maaaring mamatay ang Buhay na Walang Hanggan. Sabi ni Jesus, “Ang dumirinig sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan, hindi na mamamatay kailanpaman. Ibabangon Ko siya sa huling araw.”

116 Ngayon, ngayon, doon . . . Ngayon, kayo'y . . . Marami marahil ang hindi sasang-ayon dito, pero gusto kong pag-isipan n'yong mabuti ito bago kayo magpasya. Kita n'yo? May sasabihin ako ngayon:

117 Yan ang dahilan kung bakit hindi ako naniniwala na mayroong impyernong Walang Hanggan. Hindi maaaring magkaroon ng isang impyernong Walang Hanggan. Dahil kung mayroong impyerno na Walang Hanggan, kung ganoon mayroon na noon pa man ng impyernong Walang Hanggan sa tuwina, dahil ang Walang Hanggan . . . May isa lamang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ang pinagsusumikapan nating lahat. At kung masusunog ka magpakailanman at sa Magpasawalang Hanggan, kung ganoon kinakailangan na may Buhay na Walang Hanggan ka para masunog, at kung ganoon nangangahulugan 'yun na Diyos 'yun na nasusunog. Hindi ka maaaring magkaroon ng impyernong Walang Hanggan, at malinaw na sinasabi ng Biblia na “ang impyerno ay nilikha.” At kung nilikha ito, hindi ito Walang Hanggan. Ang anumang bagay na Walang Hanggan ay hindi kailanman nilikha; naroon na ito sa tuwina, ito'y Walang Hanggan. At sinasabi ng Biblia na “Ang impyerno ay nilikha para sa diyablo at sa kanyang mga anghel.” Nilikha ang impyerno, kaya hindi ito Walang Hanggan.

At hindi ako naniniwalang ang isang tao ay parurusahan nang Magpasawalang Hanggan.

¹¹⁸ Naniniwala akong malinaw na isinasaad ng Biblia rito, na, “Ang magtagumpay ay hindi masasaktan ng ikalawang kamatayan.” Ngayon ang “kamatayan.” Ang salitang *kamatayan* ay nagmula sa...ito ay, ay “pagkawalay.” Ngayon, kapag nahiwalay tayo sa Diyos, dahil sa kasalanan, patay na tayo; ganoon mismo ang sinasabi ng Biblia. Nahiwalay tayo sa Diyos, pinutol tayo, tayo’y patay sa kasalanan at sa mga pagsalangsang; tayo’y dayuhan sa Diyos at sa Kanyang komonwelt. At pagkatapos kapag tinanggap natin ang Diyos at mayroon nang Buhay na Walang Hanggan, mga anak na Niya tayo at bahagi Niya.

¹¹⁹ Ang maliit kong anak na lalaki riyan, si Joseph, ay bahagi ko mismo, kahit ano pa ang aking...kahit ano pa ang gagawin niya. Siya...Maaaring ako...Siya man ay wala nitong...Kung ako’y isang ubod ng yaman na tao’t maraming pamana, maaari niya, may mamamana siya; pero gayunpaman isa siyang anak, bahagi ko siya. Siyanga, bahagi ko siya. Ngayon, hindi ko nga siya maitatangi nang kung papaanong hindi ko maitatangi ang sarili ko, dahil bahagi ko siya. Ipapakita mismo ng pagsusuri sa dugo na siya’y akin. Kita n’yo?

¹²⁰ At ipinapakita ng pagsusuri sa Dugo kung kayo ba’y sa Diyos o hindi. Kita n’yo? Kayo’y mga anak ng Diyos at mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Subalit ang kaluluwang nagkakasala, ang *kaluluwang* ’yun ay ihihiwalay. Tama ba? Pagkatapos ay wala na ito. Ngayon tingnan n’yo. Ang anumang bagay na may pasimula ay may katapusan, dahil ang anumang bagay na nagkaroon ng pasimula ay isang nilikha. Subalit ang Diyos ay hindi nilikha, Diyos Siya sa tuwina. Walang dako na Siya’y nilikha. Ang tanging paraan na maaari tayong magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan ay ang maging bahagi ng nilikhang ’yun. Maluwalhati! Oh, kung makikita lang sana natin Ito! Nakikita n’yo ba ang ginagawa ng Espiritu Santo para sa inyo? Ito’y ang Espiritu Santo, ang Manlilikha Mismo, ang Diyos Ama sa anyo ng isang Espiritu, na tinatawag na “Espiritu Santo” dahil Ito’y nasa katawan na tinawag na Jesus, na Kanyang Anak; na nilikha Niya si Jesus, ang katawan, ’yun ang dahilan na kinailangan Nitong mamatay. Tumahan ang Diyos sa katawang-tao na ito at nabasag ang selyula ng dugo, at nagbalik ang Buhay na mula sa selyula na ’yun ng dugo.

¹²¹ Yun ang dahilan kung bakit ang mga mananamba noon sa Lumang Tipan ay hindi na makaalis-alis...umalis siya na taglay niya pa rin ang siya pa ring kahatulan na mayroon siya noong siya’y dumulog dun. Pero sa Bagong Tipan, sabi sa Mga Hebreo, na, “Ang sumasamba na nilinis nang minsan ay wala nang kamalayan sa kasalanan.”

¹²² Ngayon, sa Lumang Tipan; nagdadala sila ng isang tupa, inilalagay niya ito, ipinapatong ang kanyang mga kamay rito, ang mananamba; gigilitan ng saserdote ang lalamunan ng kanyang hain, mararamdaman niya ang pag-agos ng dugo, at naririnig ang pag-iyak nito. At mamamatay ito, at mararamdaman niya ang munting katawan nito na naninigas, at patay na ito. Batid niya na dapat siya ang naroon; humalili ang kordero sa kanyang lugar. Kinukuha ng saserdote ang dugo, inilalagay 'yun sa dambana at—at pumapaitaas ang usok, at isa 'yung panalangin ng kapatawaran para sa mananam-... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . at ang buhay ng hayop na 'yun ay hindi maaaring bumalik sa isang tao at aangkop sa espiritu ng tao, dahil espiritu 'yun ng hayop. Buhay ng hayop at buhay ng tao, kaya hindi uubra. Subalit kapag ang isang . . . Yan ang dahilan kung bakit umaalis ang taong 'yun na taglay pa rin ang ganoong pagmamana na magkasala, ganoon pa rin siya. Dumulog dun dahil nagkasala ng pangangalunya, at naghandog ng kanyang hain, at paglabas ay ganoon pa rin ang diwa niya. Siyanga.

¹²³ Subalit dito kapag ang mananamba . . . Oh, Iglesia ng Diyos, huwag n'yong hindi ito makuha! Ang mananamba, minsanan lamang na tunay na lalapit sa Anak ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipapatong ang kanyang mga kamay sa Kanya (Oh, grabe!), titingin doon sa Kanyang mukha na may dura sa Kanyang mukha, na umaagos ang dugo sa Kanyang mukha, mararamdaman ang sakit ng “Diyos Ko! Diyos Ko! Bakit Mo Ako pinabayaan?” Oh, kapatid, kapag nakita mo kung ano ang halaga ng namatay para sa iyo, at kung Sino Ito, si Emmanuel, ang Diyos 'yun na namatay sa iyong lugar.

¹²⁴ Pagkatapos anong mangyayari? Ang mananamba, noong mahapak ang selyulang Dugo na 'yun sa Anak ng Diyos . . . Binubuo ba ng ano ang selyulang dugo na 'yun?

¹²⁵ Ano po kayo? Kayo nga'y isang maliit na selyula na nagbuhat sa inyong ama. Wala sa babae ang hemoglobin. Ang—ang babae'y naglalabas lamang ng itlog; ang inkubador, siya ang magdadala sa—sa—sa bata. Pero ang dugo'y nanggagaling sa lalaki, 'yun ang dahilan kung bakit dinadala ng—ng bata ang pangalan ng tatay. At pagkatapos, mangyari nga, na ang babaing ikakasal sa isang lalaki, ay kukuni't dadalhin ang pangalan ng lalaki, para sa mga anak; siya ay magiging isang inkubador para sa bata na ipanganganak niya para sa lalaki. Pero kagaya nga ng sinabi ko: makakapangitlog ang isang inahing manok, pero kung hindi siya makikipagniig sa lalaking manok, hindi mapipisa ang itlog.

¹²⁶ Yan po, gaya ng sabi ko, 'yan ang dahilan kung bakit napakarami nating matatagal na't, malamig, na pormal na mga simbahan ngayon. Nakuha nila itong kaisipang Nicolaita, mayroon silang sangkatutak na mga pugad na punung-puno ng mga bulok na itlog, at hindi sila mapipisa kahit kailan dahil

hindi sila. . . Maaari n'yong gawin para sa kanila ang kahit ano (tawagin n'yo silang mga obispo, mga diyakono, at kung ano pa mang lahat na), hindi kailanman sila maniniwala sa mga tanda na lumalakip sa mga mananampalataya, dahil hindi nila kailanman nakasama ang Kabiyak, si Jesus Cristo. Kung ikaw ay mabibinhan ng Kabiyak na 'yun sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. . .

¹²⁷ Noong mahapak ang selyulang Dugong 'yun doon sa Kalbaryo, at ang Buhay na 'yun na naroon, ang munting Jehovah. . . Oh, tunay na katangi-tangi ito!

¹²⁸ Alam n'yo, bawat isa'y naghahanap ng tanda. Hindi ba? Sinasabi ng lahat, "Oh, pakitaan mo ako ng tanda." Sabi ng Judio, "Pakitaan mo ako ng tanda."

¹²⁹ Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng tanda. Binigyan kayo minsan ng Diyos ng tanda. Humingi sila ng tanda. Humingi ang Israel ng tanda. Sinabi Niya sa propeta, "Bibigyan Ko sila ng isang walang hanggang tanda: isang birhen ang maglilihi. Isang birhen ang maglilihi at manganganak ng isang Lalaki." (Amen.) "Tatawagin Siyang *Immanuel*, 'Kasama natin ang Diyos.'" Ang pinakadakilang tanda na ibinigay kailanman.

¹³⁰ Noong ginawa ng Diyos, na Lumikha ng kalangitan at ng lupa, ang solar system. Tumayo kayo roon sa Mount Palomar at sumilip kayo sa teleskopyong 'yun doon, at makikita n'yo ang sandaan at dalawampung milyong taon ng kalawakang liwanag. Kuwentahin n'yo 'yun sa milya, at sa ibayo nun ay ang buwan pa rin, at mga bituwin, at mga daigdig, at ginawa Niya ang lahat ng ito. Basta't hinipan lamang mula sa Kanyang mga kamay, nang *paganoon*. Oo!

¹³¹ Ang dakilang Lumikhang iyon ay naging Tagapagligtas ko. Bumaba sa isang munting selyulang Dugo, hindi sa pamamagitan ng isang tao, kundi dumating na birhen haya't sa isang babae; at kinuha ang munting polen na ito mula sa babae, at inanyuan ang Kanyang Sarili ng isang maliit na bahay at nanahan doon. Oh, ito—ito—ito nga'y talagang katangi-tangi! Si Jehovah! Si Jehovah, na nasa ibabaw ng bunton ng dumi ng hayop sa isang kuwadra, umiiyak. Si Jehovah, na nasa pasabsaban ng dayami. Iyon ay isang walang hanggang tanda, para sa ilang tao na lumalaki ang ulo! Si Jehovah, ang Diyos, na isang umiiyak na Sanggol (Hallelujah!) sa isang mabahong kuwadra. At pagkatapos iniisip natin na tayo'y kung sino na, nakataas pa ang ilong; aba'y kapag umulan, malulunod ka; at pagkatapos sige ka riyan na akala mo'y kung sino ka na. At si Jehovah ay nakahiga sa isang kuwadra, sa ibabaw ng isang—isang bunton ng dumi ng hayop, umiiyak na parang isang munting. . . sinumang munting sanggol. Talagang katangi-tangi ito! Iyon ay tanda. Sabi ng Diyos, "Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda." Yun ay tunay na tanda. Si Jehovah,

na naglalaro bilang isang bata. Si Jehovah! Si Jehovah, na nagtrabaho sa isang pagawaan, naglalagari ng kahoy na tulad sa isang karpintero. Hallelujah! Grabe, oh, grabe! Si Jehovah, hinuhugasan ang mga paa ng mga mangingisda. “Bibigyan Ko kayo ng isang tanda.”

132 “Oh, pero kinakailangan naming magkaroon ng mga pari, alam n’yo, na may mga abito’t lahat nung mga kurdon, mga kulyar, at. . .” Kita n’yo? Oh!

133 “Bibigyan Ko kayo ng isang walang hanggang tanda.” Si Jehovah, na nakatayo sa patyo na may dura sa Kanyang mukha. Si Jehovah, nakaunat nang hubad, sa isang katawan, sa pagitan ng langit at lupa. Hindi Niya inalintana ang kahihyan sa krus. Mayroon tayong lilok Niya na may nakatakip sa Kanya na gulagulanit na basahan; siyempre ang iskultor lang ang may gawa nun. Hinubdan nila Siya, ipinahiya Siya! Oh, ang grupo na ’yun ng mga ipokrito kapag dumating na ang oras na ’yun! Ito ang araw ng tao, ang araw na ang Panginoon ay parating na. Si Jehovah! Si Jehovah, na nagaagaw-buhay, oo, walang nangyari. Si Jehovah, na nananalangin, walang nangyari. Hmm. Siyanga. Talagang katangi-tangi ’yun! Isa ’yung walang hanggang tanda. Yun ang tanda na maalaman ng lahat ng tao. Pagkatapos ay namatay Siya, namatay si Jehovah. Pagkatapos ay nagsimulang umuga ang lupa. Oh, grabe!

134 Pagkatapos ay nagbangon Siya mula sa libingan at pumaitaas sa Kaitaasan. Si Jehovah, na nagbalik sa anyo ng Espiritu Santo upang manahan sa Kanyang Iglesya, sa gitna ng Kanyang bayan. Maluwalhati! Si Jehovah, na lumalakad sa iglesya, tinatalos ang mga haka ng isipan. Si Jehovah, na pinagagaling ang mga maysakit. Si Jehovah, na nagsasalita sa pamamagitan ng mga labi hanggang sa ang tao’y hindi na siya ang may kontrol sa sarili niya. Si Jehovah, na bumabalik mismo sa Ingles at isinasalin ito. Gusto n’yo ng tanda? Amen! Nagpunta ang Jehovah na ’yun sa isang patutot, ibinangon siya, mangyari nga na ang patutot na ito’y labis—siya’y labis na napaka-imoral na maging ang mga aso ay hindi siya papansinin dahil sa pagka-imoral na kinasadlakan niya, at hinugasan siya na maging kasing puti ng niyebe at binigyan siya ng pusong kasing dalisay ng isang liryo. Oh, grabe! Si Jehovah, na kumuha ng isang lasenggong nakahandusay dun sa eskinita at may mga itlog na ng langaw sa buong bibig niya, at ibinunsod siya na mangaral ng Ebanghelyo. . .? . . . Nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo!

135 Noong narito Siya sa lupa, nagpunta Siya sa pinakamababang siyudad na mayroon, at sa pinakamababang tao na naroon, at ibinigay nila sa Kanya ang pinakamababang pangalan na mayroon. Siyanga. Pinaka masama ang trato nila sa Kanya, at binansagan Siya ng pinaka masamang pangalan na maitatawag, “Beelzebub,” isang diyablo. Ang pinakamababang maibibigay nila sa Kanya, maibibigay ng tao sa Kanya.

136 Subalit itinaas Siya ng Diyos, at pinagkalooban Niya Siya ng isang Luklukan na napakataas hanggang sa kinakailangan Niyang tumunghay pababa para makita ang Langit. Amen! Luwalhati! At binigyan Siya ng isang Pangalan na higit sa lahat ng pangalan na nabanggit sa Langit at sa lupa, at ang buong sambahayan ng Langit at lupa ay ipinangalan sa Kanya. Iyon ang inisip ng tao sa Kanya; at ito naman ang inisip ng Diyos sa Kanya. Oh Diyos, itulot Mo na ang aking mga pag-iisip ay maging tulad po ng sa Iyo, Ama. Siyanga, po. Oh tinatanging Pangalan!

137 Ngayon, “Ang nananampalataya sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan.” Ngayon, kung mayroon lamang isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at natamo n’yo ito at hinahanap natin ito sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ’yun ang Buhay ng Diyos. Pagkatapos noong mahapak ang selyulang Dugo na ’yun sa Anak ng Diyos, at ang munting Jehovah na ’yun na nakakubli sa loob ng Lalaking ito na tinatawag na Jesus (mangyari nga na sa Kanya nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos ayon sa katawan), at ngayon kapag tinaggap natin ang Dugong *iyon* para sa ikapapatawad ng ating mga kasalanan, ang Espiritung ’yun na nasa isa na hindi tao, kundi sa Diyos. . . Maluwalhati! Ang sabi ng Biblia, “Ang Dugo ng Diyos.”

138 May nagsabi, “Alalahanin mo, Siya. . .Huwag kang magsaysay ng anuman tungkol sa mga Judio, dahil isa Siyang Judio.” Hindi Siya isang Judio. Hindi Siya Judio ni Gentil man, Siya ay Diyos. Ganoon nga. Isa Siyang nilikhang Dugo. Ginawa ito ng Diyos na espesyal. Kanya Mismo ito, at sa pamamagitan ng nilikhang Dugong ’yun ay tinatanggap natin Ito bilang kapatawaran sa atin dahil namatay Siya ng kamatayan para sa atin. Nahapak ang selyulang Dugo na ’yun, pinakawalan ang Espiritu Santo na ’yun para bumalik sa atin, at ngayon tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos sa pamamagitan ng isang kapanganakan ng Espiritu. Kung gayon ang Buhay na nasa Diyos, na walang pasimula ni magkakaroon man ng katapusan, ay nasa akin na’t nasa inyo na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos kay Jesus Cristo. Hayan nga.

139 Ngayon, ang “impyerno,” babalikan natin ’yan maya-maya. Sinasabi ko sa inyo na—na hindi maaaring magkaroon. . . Naniniwala ako sa isang naglalagablab na impyerno. Siyanga, po, sinabi ng Biblia na gayon ito, ang dagat-dagatang apoy. Ngayon, pero hindi ’yun maaaring maging walang hang-. . . hindi ito maaaring maging isang Walang Hanggan. Hindi maaari. . .Hindi kailanman sinabi ng Bibliang ito na Walang Hanggan ’yun, ang sinasabi Nito’y “panghabang-panahon” na impyerno. Hindi sinasabi ang salitang Walang Hanggan, ang sinasabi nito’y “panghabang-panahon” na impyerno. Ngayon, inihanda ito para sa diyablo at sa kanyang mga anghel;

isang panghabang-panahon na impyerno, hindi isang Walang Hanggan. Ngayon, pagkatapos. . . Maaaring sampung milyong taon pahihirapan ang kaluluwang 'yun dahil sa mga nagawa nito, hindi ko alam. Hindi ko alam kung ano ang *panghabang-panahon* sa paningin ng Diyos. Maaaring limang minuto, maaaring isang milyong taon, maaaring sampung milyong taon, pero darating mismo ang panahon na maglalaho na ang kaluluwang 'yun.

140 Narito ang sinabi ng Biblia, kita n'yo:

. . . *Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.*

141 Ang unang kamatayan ay pagkakawalay natin mula sa ating mga mahal sa buhay. Pupunta tayo sa Presensya ng Diyos, hindi kailanman mawawala sa Kanyang Presensya. Kita n'yo? Ngayon, kung may ikalawang kamatayan, ito'y ang kamatayan na ng kaluluwa. At pagkatapos ang magtatagumpay sa sanlibutan, o magtatagumpay sa mga bagay ng sanlibutan, ay may Buhay na Walang Hanggan at hindi masasaling ng ikalawang kamatayan. Hayan nga, Walang Hanggang Buhay. Pero ang—ang makasalanan. . . Ang sabi ng Biblia, “Ang babaing nabubuhay sa kalayawan ay patay bagama't siya'y buhay.” Tama ba? “Ang kaluluwang nagkakasala, ay walang pagsalang mamamatay.” Ano ang *mamatay*? Lubusang “mawalay,” “wala na.” Kita n'yo? Ngayon, ito'y pinutol, siyanga. Ito'y pinutol, wala na ito. Gaanong katagal para maisagawa 'yun? Dadaan ito sa parehong proseso ng pagdating nito, at darating ito sa isang punto hanggang sa wala nang matitira pa rito. Babalik ito sa kung saan ito gawa.

142 Maaari nating kunin ang selyula, at hapakin ang selyula pabalik sa isang selyula, hanggang sa isa pang selyula, hanggang sa makarating ka sa pinaka unang selyula; hahapakin ang selyulang 'yun, at pagkatapos ay matutunton mo ang kemistri nung dugo; tutugaygay ka sa iba't ibang kemistri ng dugo, pagkatapos makakarating ka sa isang munting bahagi sa selyulang 'yun: 'yun na ang buhay. Hindi nila 'yun matunton. Wala silang alam tungkol dito. Ngayon, ang buhay na 'yun ay darating mismo sa isang punto na mawawala na ito; na ano man ang kemistri ng buhay na 'yun, sa palagay ko'y mawawala na ang kemistri na 'yun. Ito'y espirituwal na.

143 At pagkatapos, doon, tuluyan na 'yung mahihiwalay nang lubos at mawawala na. Ganoon ang sabi ng Biblia, “Ang kaluluwang nagkakasala, ay mamamatay.” “At ang mga magtatagumay sa mga kapanahunan ng iglesyang ito rito ay hindi masasaktan ng *ikalawang kamatayan.*” Unang mamamatay ang katawan, kasunod na mamamatay ang kaluluwa at ito'y mawawala na. Kita n'yo? Yun. . . naniniwala ba kayang ang Biblia ang may sabi nun?

144 Ngayon, alalahanin n'yo, kung Walang Hanggan ang impyerno, kung ganoon ay nagkamali pala ang Biblia noong sabihin nitong “ang impyerno ay nilikha.” At pagkatapos kung masusunog ang isang tao nang Walang Hanggan, sa impyerno, kung ganoon kinakailangan ng taong ito na magkaroon ng Walang Hanggang Buhay upang may kamalayan siya, habang nasusunog. Tama ba? Buweno, ilan bang anyo mayroon ang Buhay na Walang Hanggan? Iisa. Ganoon nga. Iisa lamang ang Buhay na Walang Hanggan.

145 Ngayon, huwag kayong lalabas at sasabihin, “Hindi naniniwala si Kapatid na Branham sa impyerno.” Naniniwala po si Kapatid na Branham sa impyerno. Itinuturo ng Biblia na mayroong impyerno. Kasing tiyak na mayroong isang— isang lugar para sa kapahingahan, mayroon isang lugar ng— ng kaparusahan. At tiyak na gagawin ng Diyos na maparusahan ang isang kaluluwang nagkasala laban sa Kanya. At dahil sa pagtangi mo kay Jesus Cristo bilang iyong Tagapagligtas, tiyak na parurusahan ka dahil dito. Pero darating ang panahon na mawawala ka na. Pero kung gaanong karaming milyong taon ang aabutin para tumugaygay sa ganoon, hindi ko alam. Pero minsan. . .

146 Ikaw ay isang nilalang na saklaw ng panahon hanggang sa maipanganak kang muli, kung magkagayon isa ka nang nilalang na Walang Hanggan. At ang tanging paraan para mapasaiyo Ito ay magkaroon ka ng bahagi ng Diyos sa iyo, bilang Walang Hanggang Buhay. Nauunawaan n'yo ba? Tunay.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; . . .

147 Iniibig ko Siya. Hindi ba't kayo rin? Labis akong nagagalak na magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi na ito nakakaligalig pa sa akin, dahil mayroon na tayong Buhay na Walang Hanggan ngayon. At alam ko 'yun, at nagtitiwala akong matatamo Ito ng lahat, lahat tayo.

148 Si Ireneo, oo, mayroon akong naitala rito tungkol kay Ireneo, tungkol sa, “pagbabasa ng kasaysayang ito.” Na ang dahilan na napili si Ireneo ay dahil ang mga tanda ng Pentecostal (orihinal) na Iglesias ay lumalakip sa kanya.

149 Ngayon, kung ang Diyos. . . Ilan ang naniniwala na nagpasimula ang Iglesias sa Pentecostes? Sige. Ilan ang naniniwalang pinagtibay ng Diyos ang Iglesias noong Pentecostes? Buweno, sige. Kung ganoon kung 'yun ang unang Iglesias ng Diyos, at 'yun ang tinawag Niya na isang “Iglesya,” at Siya ang Puno ng Ubas ngayon, na tayo ang mga sanga, kung mag-uusbong kailanman ang Puno ng Ubas ng panibagong sanga, magiging ano ito? Pentecostal. Siyanga! Ngayon, marahil hindi sa pangalan. Ngayon kasi'y may *mga pangalan* tayo ng Pentecostal, pero wala 'yung pagkakaiba sa Methodist, Baptist,

Presbyterian, Pentecostal. Hindi 'yun nangangahulugan ng anumang, kita n'yo, pangalan lang kasi 'yun. Pero hangga't mayroon kayong isang Pentecostal na Karanasan sa inyong puso, Pentecostes sa inyong kaluluwa, na nagkakaloob sa inyo ng Buhay na Walang Hanggan, kung ganoon ay ipinangako sa inyo ng Diyos na, "Hindi na kayo kailanman masasaling ng ikalawang kamatayan;" na, mayroon na kayong Buhay na Walang Hanggan at *hindi* na masasaling ng ikalawang kamatayan. Kita n'yo? Mayroon na kayong . . . kayo'y . . .

150 "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos." Ngayon, huwag ninyo Itong pipighatiin (na gagawa ng mga bagay na mali). Kapag gumawa kayo, pagbabayaran n'yo ito; dahil ang sabi ng Biblia, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan Niya ay kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Tama po ba? "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo."

151 Oh! Magiging isang napakainam na araw, isang umaga, isa sa mga panahong ito. Haya't para ipakita sa inyo na ang pagkabuhay na mag-uli ay magiging pambuong daigdig, "May dalawang tao na pupunta sa bukid, at kukunin Ko ang isa; at may dalawa sa highaan, at kukunin Ko ang isa." Kita n'yo, gabi sa isang lugar, at araw naman sa kabilang panig ng daigdig; pambuong mundo mismo na pagkabuhay na mag-uli, ang Pag-agaw na 'yun. Tutunog ang trumpeta ng Diyos, at ang bawat isa sa mga ito, na mumunting iglesya *rito, rito, rito*, at maging 'yung munting grupo na dumaaan *doon*, at lumabas *dito, dito, dito*.

152 Noong ang birhen na 'yun, ang birhen na 'yun noong makita niya sa ikapitong pagbabantay na . . . Ngayon, alalahanin n'yo, mayroong pitong birhen. Tama ba? O, ibig kong sabihin, limang birhen ang lumabas . . . Sampung birhen ang lumabas para salubungin ang Panginoon, ang lima ay matatalino at ang lima ay hangal. Tama po ba? At ngayon, sa pagbabantay, mayroong pitong pagbabantay. At sa dulo ng ikapitong pagbabantay (natulog ang ilan *dito* sa pagbabantay na ito, *dito* sa isang ito, *dito* sa isang ito, *dito* sa isang ito, at *doon*, . . .), sa ikapitong pagbabantay, may umalingawngaw na isang tinig, "Narito, ang Kasintahang Lalaki ay dumarating, lumabas na kayo upang salubungin Siya." At bumangon sila at pinag-igi ang kanilang mga ilawan. At ang lahat nung iba pa'y nagsibangon *dito*. Oh, hindi ba't magiging isang kamangha-manghang panahon 'yun!

Oh, dati-rati'y inaawit natin ang isang munting awitin:

Isang kahanga-hangang panahon para sa'yo,
Isang kahanga-hangang panahon para sa 'kin;
Kung lahat tayo'y maghahanda upang
salubungin si Jesus na ating Hari,
Magiging isang kahanga-hangang panahon
iyon.

Heto, sige't tingnan po natin kung maaari nating awitin ito:

A wonderful time for you,
 A wonderful time for me;
 If we all prepare to meet Jesus our King,
 What a wonderful time it will be. (Hindi ba't
 magiging kahanga-hanga 'yun?)
 Oh, won't it be wonderful there,
 Having no burdens to bear?
 Joyously singing with heart-bells all ringing,
 Oh, won't it be wonderful there?

¹⁵³ Ilan sa inyo ang batid na uuwi na kayo? Ilan ang may alam na lalabas na kayo sa pintuang 'yun? Hindi n'yo alam. Ilan ang may alam na kung makakalabas kayo ay papasok uli kayo? Hindi n'yo masasabi. Kaya huwag n'yong hahayaang mabigo ang gabing ito; huwag na huwag n'yong bibiguin ang Diyos sa gabing ito, dahil baka ito na ang huling gabi na magkakaroon ka ng panahon o isang pagkakataon. Sino kayo, hayan nga? Saan kaya kayo nanggaling? Saan ba kayo patungo? Ang tanging aklat sa mundo na makapagsasabi sa inyo tungkol dun, ay itong pinagpalang lumang Biblia rito. At 'yan ang Bibliang pinaniniwalaan natin, 'yan ang Diyos na sinasampalatayanan natin.

¹⁵⁴ At kung wala kayo sa Nobyang 'yan, dito sa munting grupo ng mga minorya, sa dako *rito* ngayon na pinipiga palabas ng mga kredo at mga denominasyon, at iba pa, kung-kung-kung wala kayo sa munting grupo na ito . . . Ngayon, hindi n'yo kailangang umanib sa tabernakulong ito, hindi n'yo kailangang umanib sa anumang kinakailangan n'yo lamang maipanganak sa Kahariang 'yun. Ngayon, kung gusto n'yo n'yang pakikipagbuklod n'yo sa Methodist, Baptist, Presbyterian, saanman n'yo gusto, nasa sa inyo na 'yan. Kita n'yo, puwede kayong makipagbuklod sa kaninuman na gusto n'yo. Pero sasabihin ko sa inyo ang isang bagay: kapag kayo'y ipinanganak nang muli, alam n'yong, "ang mga ibon na pare-pareho ang balahibo . . ." Naku!

¹⁵⁵ May nagtanong sa akin minsan, sabi, "Kapatid na Branham, nabanggit mo sa mga tao, 'Bumalik kayo sa iglesyang Methodist.'"

Sabi ko, "Oo. Sige't subukan n'yong paalisin sila, tapos wala na silang lugar na mapupuntahan." Kaya makikita natin . . .

Ayos lang 'yun, babalik at babalik, hindi magtatagal, nakita n'yo. Hindi magtatagal, babalik at babalik sila.

¹⁵⁶ Alam n'yo, isang beses sa . . . Si Noe . . . ang daong, sa dako ng kaligtasan, si Noe, dumating ang isang malaking baha. At ganoon nga na pinalabas ni Noe 'yung uwak sa daong, at walang humpay itong umuukaw at palinga-linga sa paligid. Aba, nasiyahan siya, dahil isa nga siyang buwitre sa simula't sapul. Maaari siyang lumipad mula sa isang matagal nang patay na bangkay, at magpakabusog sa patay na molang ito, at dadapo

dito sa—dito sa matandang tupa at magpapakabusog dun, at sa iba pang bagay, kung saan sadyang naroon na ang lahat ng uri ng matagal nang patay na mga bangkay na nagkalat sa paligid.

¹⁵⁷ Kaya mananatili lamang roon ang uwak at uwak, “Naku, pagpipiyestahan ko itong mag-isa!” haya’t uwak-uwak mismo.

¹⁵⁸ Ngunit noong pinalabas nila ‘yung munting kalapati, iba ang kalikasan niya. Yung umaalingasaw na baho na ‘yun, hindi niya “kayang sikmurain ‘yun. Hmm!” Bakit? Walang apdo ang kalapati; siya lamang ang ibon na walang apdo. Hindi niya kayang tunawin ‘yun, kaya ang bagay lamang na magagawa niya’y bumalik agad-agad sa daong at tumuktok sa pintuan.

¹⁵⁹ Kaya’t pumunta lamang kayo saanman n’yo gustuhin. Ang tanging bagay na hinihiling ko na inyong gawin ay ang pumasok mismo sa Kaharian, at alam ko kung saan kayo pupunta. Hindi n’yo na ‘yun masisikmura, kapatid, sasabihin n’yo, “Tumawid na ako sa hangganan na naghihiwalay, iniwan ko na ang mundong ito.” Siyanga, po. Tiyak nga.

Oh, sa itaas na silid sila’y nagtitipon,
Nananalangin lahat sa Ngalan Niya
Nabautismuhan sila ng Espiritu Santo,
At ang kapangyarihan sa gawai’y dumako;
Ngayon ang ginawa Niya sa kanila sa araw na
‘yun
Gagawin din Niya sa inyo,
Ikinagagalak kong sabihing isa ako sa kanila.
(Hindi ba’t kayo rin?)

One of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say...one of them;
(Hallelujah!)
One of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them.

Ilan ang nagagalak tungkol dun ngayong gabi? Oh, grabe!

Halika, kapatid, pagpapala’y asamin
Na mula sa sala’y puso’y lilininisin,
Na mga kampana ng kagalakan babatingting
At alab sa iyong kaluluwa’y magpapanatili;
Oh, sa puso ko’y lumalagablab,
Oh, luwalhatiin ang Ngalan Niya
Ikinagagalak kong sabihing isa...sa kanila.

I’m one of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say...one of them;
(Hallelujah!)
One of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them.

¹⁶⁰ Ngayon habang inaawit natin itong kasunod na talata, gusto kong magkamayan kayo, gaya ng ginagawa n’yo tuwing gabi,

lahat ng mga Methodist, at Baptist, at Presbyterian. Kamayan n'yo ang isa't isa, at ituring ang isa't isa na magkakaibigan na mangunguya n'yo ang chewing gum ng bawat isa, kung magagawa n'yo. Ngayon kayo po mismo'y maging tunay na, tunay na magiliw na kaibigan, makisalamuha kayo ngayon habang inaawit natin ito:

I'm one of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them;
One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

Gayong hindi nakapag-aral ang mga taong ito,
O may maipagmamalaki mang kabantugan ng mundo,
Natanggap nilang lahat ang kanilang Pentecostes,
Nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus;
At ipinapamalita nila ngayon, sa malayo't kalaparang dako,
Ang Kanyang kapangyarihan ay nananatiling ganoon,
I'm so glad that I can say . . .

Ngayon talagang awitin natin ito:

Oh, one of them, one of them,
I'm so glad that I can say . . . one of them;
(Hallelujah!)
One of them, one of them,
I'm so glad that I can say I'm one of them.

¹⁶¹ Malugod ba kayong papayag na maging martir para sa Kanya kasama ng mga taga-Smirna? Kung dumating sa puntong kinakailangan n'yong kaharapin ang kamatayan o aatras, haharapin n'yo ba ito? Siyanga, po. Oh Diyos, magiging isang kaluguran ito. Siyanga, po. Sa ganoong paraan ko po gustong lumisan, dito sa pulpito mismo. Siyanga. Ang akala ko'y katapusan ko na't maisasakatuparan na nilang magawa ito sa Alemanya di pa ganoong katagalan. Oh, babarilin nga nila ako sa pamamagitan ng isang teleskopyong panggabi, at nagtatakbuhan sa paligid ko ang mga sundalong Aleman at umagap nang *paganoon*. Sa isip-isip ko, "Magiging napakainam na bagay na mamatay para sa aking Panginoon dito mismo sa dako ng pagmimisyon." Oh, grabe! Grabeng—grabeng kay inam na bagay.

¹⁶² Buweno, hayaan n'yong awitan ko kayo ng isang maikling awit. Maaari po ba? Mayroon pa ba kayong—mayroon pa ba kayong oras para sa isang maikli lamang? Sige. Hindi ko kayang awitin 'yun, binibigkas ko lamang. Oh, noon pa ma'y gusto ko lagi na umaawit. At isa sa mga araw na ito kapag nakarating na kayo sa inyong maganda't malaking tahanan doon sa Paraiso, sa

dako roon sa dulo ng kakahuyan, kung saan si Russell Creech at ako'y pupunta para sa pangangaso na ito, alam n'yo. Sa dulo ng kakahuyan ay may isang maliit na kubo sa dako roon na inaaawit-awit ni Kapatid na Neville, *Build Me a Cabin in the Corner*, (Ang akala ko'y tungkol sa lugar ko ang pinapatungkulan niya.) *in Gloryland*. Isa sa mga umagang ito paglabas n'yo sa inyong malaking beranda roon, at tatanaw sa paligid nang paganoon, doon sa sulok ay may maririnig kayong umaawit:

Kamangha-manghang biyaya! na kay sarap sa tainga,

Na ang isang hamak na katulad ko'y naligtas!

¹⁶³ Sasabihin n'yo, "Buweno, purihin ang Diyos, nakarating din si Kapatid na Branham. Hayun siya, naririnig ko siyang nakatayo sa banda roon ngayon mismo, na umaawit ng *Amazing Grace*."

¹⁶⁴ Kamangha-manghang biyaya ang siyang magdadala sa akin dun. Siyanga.

But it's dripping with blood, yes, (Kaya ipinapangaral ko Ito.) it's dripping with blood,

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel keeps dripping with blood.

The first one to die for this Holy Ghost plan,
Was John the Baptist, but he died like a man;
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,
He taught that the Spirit would save men from sin.

There was Peter and Paul, and John the divine,
They gave up their lives so this Gospel could shine;

They mingled their blood, like the prophets of old,

So the true Word of God could honest be told.

There's souls under the altar, (Ang mga martir na ito,) crying, "How long?"

For the Lord to punish those who've done wrong; (Pakinggan n'yo! Dali!)

But there's going to be more who'll give their life's blood

For this Holy Ghost Gospel and Its crimson flood.

It's dripping with blood, yes, it's dripping with blood,

This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,

The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel keeps dripping with
blood.

¹⁶⁵ Oh, magkakaroon ng . . .

[Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika, isang kapatid na lalaki naman ang nagbibigay ng interpretasyon. Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa ibang wika, isang kapatid na babae ang nagsasalita sa ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp. Isang kapatid na lalaki ang nagbibigay ng interpretasyon—Pat.] Maluwalhati. Amen. Amen. Hmm. Hmm. Luwalhati. Amen. Siyanga.

¹⁶⁶ Amen. “Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya.”

I love Him . . .

Sumamba kayo ngayon, masdan n’yo kung anong gagawin Niya. Kung hindi n’yo pa Siya iniibig kailanman noon, ninanais n’yo bang ibigin na Siya ngayon? Maaari ba kayong tumayo at kilalanin Siya, tanggapin Siya bilang inyong Tagapagligtas?

. . . me (Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.)

And purchased . . .

May iba pa bang tatayo, magsasabi, “Nais ko Siya, ngayon na, nais ko Siyang ibigin”?

. . . Salvation

On Calvary’s . . .

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos riyan, kabataang babae.

I love Him . . .

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa iglesya.

. . . He first loved me

And purchased my salvation

On Calvary’s tree.

¹⁶⁷ Ama naming Makalangit, habang nakikita Mong nakatayo sa kanilang mga paa ang tatlong ito, Oh Diyos, dalangin kong Ikaw ay maging mahabagin, Oh Siya na Walang Hanggan, at pagkalooban sila ng kapatawaran sa bawat kasalanan, at kaligtasan, ang Espiritu Santo na nasa kanilang buhay, na huwag silang masaling ng ikalawang kamatayan. Napagtatanto nila, Panginoon ngayong gabi, sa pagtayo nila diyan, na—na may isang bagay na malapit nang mangyari. Nagbigay na ng babala ang Espiritu Santo. Ang makita ang Espiritu ng Diyos na bumababa mismo sa gitna ng mga tao, ang makita Itong gumagawa nang sadyang ayon sa mga Kasulatan, ’yung tatlong mensahe mismo at tapos na. Oh Diyos, isang mensahe sa bawat tao.

168 Ngayon, Ama, dalangin po namin na Ika'y mahabag. Iyong hayaan na manatili ang pinakamamahal na Espiritu sa aming kalagitnaan. Nawa'y pagpitagan namin Ito, Diyos; ipagkaloob Mo po ito. Kunin Mo ang mga kaluluwang ito sa Iyong pangangalaga, Ama, sila ang mga bunga ng Mensahe sa gabing ito, at ng mensaheng mula sa Espiritu Santo na sinaysay sa gitna namin. At hiling po namin, Amang Diyos, na Ika'y sumakanila sa lahat ng mga araw ng kanilang buhay. At nawa sa "mundong wala nang katapusan" ay makita namin sila doon, na niligtas ng Dugo at biyaya ni Cristo. Itinatagubilin namin sila sa Iyo ngayon, Ama, punuin Mo po sila ng Iyong Espiritu Santo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

169 Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid ko. Kung sino man ang malapit doon sa mga taong tumayo ngayon-ngayon lang, mga Cristiano, kamayan n'yo sila sa pag-upo nila, batiin n'yo sila. . . hinging n'yo ang pagpapala ng Diyos sa kanila.

170 Tingnan n'yo kung gaano mismo ang pagtalima ng Espiritu Santo, kung papaano Nito pinatotohanan 'yun dito sa dulo? Kita n'yo? Sabi ng Biblia, "Hayaang ang. . . sila na nagsasalita ng mga wika ay maging tigalawa, o hindi. . . ang pinakamarami'y tigatlo," kita n'yo. Ang mensahe'y hindi habang nagsasalita pa ako, haya't nung natapos na ito. Ganoon dapat ito, maging tunay na mapitagan ang lahat at makinig sa sinasabi ng Espiritu. Tapos anong mangyayari? Nagsisipagtayuan ang mga makasalanan upang magsisi. Oh, bulayin n'yo. Ang Espiritu Santo Mismo, hindi ito pinaglalabo. . . anupa't ang Salita'y, dumating at nagpahayag mismo.

171 Kilala ko ang ilan sa mga taong ito na nagsasalita ng iba't ibang wika, kilala kong lahat silang tatlo na nagsalita; at kilala ko—kilala ko rin 'yung mga nagbigay ng mga interpretasyon; alam kong malinis ang buhay nila sa harapan ng Diyos. Si Kapatid na Neville dito, ang ating pastor, ay isang ministrong Methodist; heto naman ang isang ministrong Methodist, na nakaupo rito, na tinanggap ang Espiritu Santo. Si Junie, rito, si Kapatid na Jackson, isa pang mangangaral na Methodist, haya't natanggap din ang Espiritu Santo. Ganoon nga, na may kaloob ng mga wika't mga interpretasyon.

172 At mapapansin n'yo kung papaanong hiniling namin sa iglesya, na ang bawat isa'y magpitagan; dahil nagsasalita ang Diyos. Nakita n'yo kung papaanong nagsasalita Siya nang sadyang eksakto ayon sa Biblia; una; kapag hindi naihatid nang husto ang mensahe, Kanyang binibigkas ito uli, pero hindi Niya sasalitain ito nang higit sa tatlong beses; kita n'yo, nakabatay mismo sa Kasulatan. Kita n'yo, ibibigay Niya ang mensaheng 'yun; hindi Niya ito pagbubuhol-buhulin, "sapagkat ang espiritu ng mga propeta ay sumasailalim sa propeta." Ang lahat ay nakikinig at tahimik. . .

173 Ngayon ganoon dapat ang kaayusan ng iglesia. Ngayon sa inyo na mga marahil dumalo rito na mula sa labas, na narinig akong sinabi ito, ganoon dapat ito. Kita n'yo, ipinapahayag ang mensahe. Nakikita n'yo ba ang mga resulta? Nangyayari ito sa *oras ding 'yun* mismo. May bagay na nagaganap, katulad mismo ng espirituwal na pagkilala o anumang espiritu. Hindi ba't kamangha-mangha Siya? Oh, labis akong nagagalak na malamang ang mismong bagay na itinalaga ni San Pablo noon, na *narito*, ay hindi namatay *rito*. Pareho pa rin. Oh, labis kong ikinagagalak na sabihing isa ako sa kanila. Hindi ba't kayo rin? Buweno.

174 Ngayon, bukas ng gabi ng alas siyete, tatalakayin natin ang kapanahunan ng Laodicea, at 'yun na ang panahon ng *pagkakasal*. Nais kong dumalo kayo kung magagawa n'yo. Medyo atrasado lang ako ngayong gabi, dahil marahil nagsasalita ang Espiritu Santo at kung ano pa. Pero maaga pa naman, mga beinte minutos pa lamang matapos ang alas nuwebe. At kadalasan dumarating ako rito ng alas diyes o alas onse, kaya talagang maaga pa'y nandito na. Siyanga't nasisiyahan ba kayo sa—sa—sa mga mensahe ng Panginoon? Talagang nasisiyahan ba kayo? Pinapakain Nito ang inyong kaluluwa.

175 Pagpalain kayo ng Diyos, mga anak ko. Alam n'yo, minamahal ko kayo nang buong puso ko. At kung minsan kapag hinawakan ako ng Espiritu, humihiwa ito sa...Ganoon ang Salita, ito'y matalas na gaya ng isang tabak na may dalawang talim. Humihiwa ito pasulong, paabante, papasok, palabas, sa lahat ng direksyon. Pero 'yun ang tumutuli sa atin. Pinuputol mismo ang sobrang laman, 'yung mga bagay na di natin dapat taglayin.

176 Ngayon, gusto kong pansinin n'yo. Narinig n'yo ba ang Espiritu sa interpretasyon ngayong gabi? "Itigil n'yo na ang kahangalan na 'yan!" Yan ang tumutuli. Maging tapat kayo! Nalilihis tayong lahat sa linya, ngunit alam ng Diyos kung papaano patagin ang mga umbok sa atin. Hindi ba? Tunay ngang alam Niya. Nagpapasalamat ako dahil dito. Hindi ba't kayo rin?

177 Ikaw ba ang piyanista rito? Hindi ko nakikita...Si Teddy ba'y...? Hindi ko siya nakikita na narito. Ito—ito ba...? Sige, kapatid na babae, kung mamarapatin mo. Anak mo bang babae ito, Kapatid na Daulton? Manugang na babae pala. Sige. Napakainam na munting binibini, ikinagagalak kong isa kang Cristiano. Sige, ano po uli 'yung maganda nating, lumang awitin ng pagtatapos? Sige't subukan natin ang isa, bago tayo magtapos, ngayon. Saglit lamang, kapatid na babae, bago natin awitin ang *Take The Name Of Jesus With You*.

178 Ilan po ang nakakaalam ng *Don't Forget The Family Prayer*? Ilan sa inyo ang nananalangin kasama ang inyong pamilya, na

nananalangin ang inyong pamilya? Oh, mainam 'yan. Subukan natin ito nang minsan, kagaya lamang po noong araw:

Don't forget the family prayer,
Jesus wants to meet you there;
He will take your every care,
Oh, don't forget the family prayer.

Gusto n'yo ba 'yun? Sige't subukan natin uli:

Don't forget the family prayer,
Jesus wants to meet you there; (May tipanan
kayo, ngayon.)
He will take your every care,
Oh, don't forget your family prayer.

¹⁷⁹ [Sinasabi ng isang kapatid na babae, “Kapatid na Branham, maaari ba akong magsabi ng isang bagay?”—Pat.] Oo naman, Kapatid na babae. [Nagsimulang magsalita ang kapatid na babae. Blangkong bahagi sa teyp.] Kapatid na babaing Nash, napakainam nun. Oh, kung inyo lamang:

If we trust and never doubt, He will surely
bring you out;
Just take your burden to the Lord then leave
them there.

Leave them there, leave them there,
Take your burden to the Lord and leave them
there;

If we trust and never doubt, He will surely
bring you out;
Take your burden to the Lord and leave them
there.

¹⁸⁰ Hindi ba't gusto n'yo ng mga lumang himnong gaya n'yan? Oh, sadyang ako. . . naniniwala akong kinuha ng mga taong 'yun ang panulat at kinasihan sila ng Espiritu Santo para mabasa 'yun.

¹⁸¹ Gaya ng bulag na si Fanny Crosby noong inuudyukan ng mga makasanlibutang tao noong panahong 'yun na pasulatin siya ng mga makamundong awitin, sabi, “Naku, magiging mayaman kang babae.”

Sabi niya, “Inialay ko na ang buhay ko kay Cristo at ang buong talento.” Bulag siya, alam n'yo. Sabi, “Utang ko—utang ko ang buhay ko't ang lahat kay Cristo.” Sabi niya. . .

¹⁸² At pagkatapos para bang nayamot sila sa kanya dahil tinanggihan niya ang ganoong pagkakataon. Hindi niya ibinenta ang pagkapanganay niya na gaya ng ginawa ni G. Presley at ng iba pa, kundi kanyang—kanyang iningatan ang kanyang integridad. Kaya siya—siya. . . Kanilang—kanilang iniwan, sabi, “Pagkatapos pagpunta mo sa Langit, kung may ganoon mang lugar,” sabi, “kung magiging ganito ka roon sa kung ano ka

ngayon, magiging bulag ka pa rin dun.” Sabi, “Papaano kaya *kung* bulag ka pa rin,” sabi, “papaano mo Siyang makikilala?”

Sabi niya, “Makikilala ko Siya. Makikilala ko Siya.”

Sabi, “Papaano kaya kung bulag ka? Papaano kaya *kung* bulag ka pa rin dun?”

Sabi niya, “Kakapain ko ang mga bakas ng pako.” Saka siya tumalikod, sinimulan niyang maglakad pabalik, at sabi niya:

I shall know Him, I shall know Him,
And redeemed by His side I shall stand;
I shall know Him, I shall know Him
By the prints of the nails in His hand.

¹⁸³ Oh aking Jesus, sa limang mahahalagang sugat na 'yun, na umagos ng dugo para sa akin sa ibayong 'yun, papaano ko kailanman maitatangi ang pinakamamahal na Iyon? Iyong ibunsod ako na sa aking kamatayan, ibunsod ako na lumisan sa . . . Iyong ibunsod ako na lumisan sa anumang paraan, ngunit huwag na huwag akong hahayaan kailanman na itanggi ko Siya na pinakamamahal na Iyon na inaagusan ng dugo sa ibayong 'yun na namatay para sa akin. Oo.

¹⁸⁴ At sa pag-alis n'yo ngayong gabi, sige't nais n'yong: *Dalhin Ang Pangalan Ni Jesus Kasama Ninyo*. Sige, kapatid na babae. Maaari po ba tayong magsitayo ngayon, nang sama-sama.

. . . the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, haya't umawit tayo nang taimtim:

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.



ANG KAPANAHUNAN NG IGLESYA NG SMIRNA TAG60-1206
(The Smyrnaean Church Age)

SERYE NG ANG KAPAHAYAGAN UKOL KAY JESUS CRISTO

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Disyembre 6, 1960, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org